# Ang popularidad ng phallic jokes: Isang kritikal na pagsusuri sa mga phallokratikong pahayag ni Rodrigo Duterte sa midya

Axle Christien J. Tugano

## Abstrakt

Bahagi ng lipunang Pilipino ang pagbibiro, polemikal man ito o sinasalita. Ngunit kahit kailan, hindi maituturing na "magandang biro" ang anumang sexista, patriarkal, machismo, o misogynistang pahayag na nagpapatibay sa kultura ng impunidad katulad ng panghihipo, panggagahasa, pananakit, at pang-aabuso. Naging popular ang Duterte *jokes,* lalo na ang mga birong nagtampok sa kaniyang *phallus,* sa midya at tiningnan bilang "katawa-tawang" pahayag na kung tutuusin ay sumagasa sa ilang kaugalian at kalinangang Pilipino. Layunin ng pag-aaral na ito ang malapatan ng kritikal na pagsusuri ang mga naging pahayag ni Duterte na may direktang kinalaman sa kaniyang pagiging *phallocrat*, isang uri ng lider na nagpapakatianod sa sexistang patriarka. Mula sa dalawang pahayag niya hinggil sa kaniyang aring lalagpas sa pusod (mula sa 2019) at kaniyang sariling pagpapakahulugan sa *utog* (mula sa 2017 at 2019), sinuri kung paanong namayani, tinanggap, at pinagtawanan ng mga tagapakinig ang ganitong uri ng biro.

Ang bahaging ito ng pag-aaral ay sumentro sa teksto ng popularidad ng mga birong kabastusan ni Duterte. Isang mito lang kung tutuusin na ang kaniyang mga phallokratikong pagbibiro ay bumaba sa kaunawaang masa at nagpapakita ng imahen ng bayang Pilipino, sapagkat kung susuriin, nilapastangan niya ang mga konseptong pangkalinangan at pangkamalayan ng mga Pilipino. Sa ganitong pananangkapan, napapatunayan tuloy ang penomeno kung paano at bakit napagtagumpayan ng mga post-kolonyal *phallocrat* na katulad ni Duterte na kuhanin ang loob ng sambayanan sa pamamagitan ng pagbibiro.

Mga susing salita: Duterte, phallokrasiya, biro, phallus, populista

## *Plaridel* Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode).



## How to cite this article in APA

Tugano, A. C. J. (2024). Ang popularidad ng phallic jokes: Isang kritikal na pagsusuri sa mga phallokratikong pahayag ni Rodrigo Duterte sa midya. *Plaridel, 21*(1), 215-265. https://doi.org/10.52518/2022-13tgno



## Abstract

In Philippine society, jokes are an integral element, whether polemical or verbal. But at no instance should any sexist, patriarchal, machismo, or misogynistic remark that reinforces a culture of impunity such as touching, rape, pain, and abuse be considered a "good joke." Duterte jokes, especially his phallic jokes, became popular in media and was viewed as a "ridiculous" statement that, in fact, ran over some Filipino customs and culture. The purpose of this study is to take a critical analysis at Duterte's remarks that are directly related to his being a *phallocrat*, a type of leader who is a sexist patriarch. From its two statements regarding his virile organ with length that reaches his navel (2019) and his own interpretation of *utog* (2017 and 2019), it examined how this type of jokes prevailed, accepted, and laughed at by the audience.

This part of the study focuses on the context of the popularity of Duterte's obscene jokes. It is a myth that his phallocratic jokes have descended on the understanding of the masses and reflect the image of the Filipino people, because when examined, he actually desecrated the culture and consciousness of the Filipinos. Through this, the phenomenon of how and why post-colonial *phallocrats* like Duterte managed to win over the hearts of the people, via jokes is demonstrated.



Keywords: Duterte, phallocracy, jokes, phallus, populist

## Introduksiyon

> "Bador ang minumura, 'yun lamang kakaining itik. At alam ko sa mga nagmumura, **mga walang bayag**."
>
> – Fernando Poe Jr.
> *Iyo ang Tondo, Kanya ang Cavite*
> (Santiago, 1986)

> "Hindi mo ako kaya, **wala kang bayag**."
>
> – Eddie Garcia
> *Boyong Mañalac: Hoodlum Terminator*
> (Rodriguez, 1991)

Mababakas sa mga siniping pahayag mula sa pelikulang Pilipino ang pagkakagamit sa semantiko at metapora ng bayag bilang batis ng kalakasan, katapangan, at higit sa lahat, ng kapangyarihan. Gayunpaman, pauna ko nang sasabihin na hindi sinonimo ng bayag ang titi o *phallus*. Ito ay sapagkat ang una ay tumutukoy sa tapang at kapasidad na lumaban at humarap sa pagsubok ng buhay, samantalang ang huli, sa Kanluraning anyo nito, ay mas mayroong kinalaman sa sekswalidad na kadalasan ay nasa anyo ng pakikipagtalik. Impluwensiya ito ng banyaga bilang simbolo ng kapangyarihan at maiuugnay din ito sa sexismo ng patriarkiya, na kalauna'y kakasangkapin ni dating pangulong Duterte sa anyo ng phallokrasiya at pagiging *phallocrat*. Sa maraming pagkakataon, itinatanghal ni Duterte sa kaniyang mga "presidential jokes" ang titi at hindi ang bayag. Sang-ayon ito sa opinyon ni Vicente Rafael (2020a) sa kaniyang "Duterte's Phallus," na ang phallus, katulad ng mga baril, magagarang kotse, at kayamanan, ay maaaring kasangkapin upang makakuha ng pansin, interes, suporta, pagkakaisa, at kasiyahan mula sa taumbayan. Ibig sabihin, isang purong materyal ang phallus sapagkat naparalisa lamang ito sa kaniyang kaanyuan bilang "pamukaw ng pansin at kasiyahan, etc" (para. 4). Angkop ito sa *phallicism* ng sinaunang Griyego, sa representasyon ng mga diyos na sina Dionysus at Hermes, na kung saan ang pagsamba at pagtatangi sa kanila ay nagdala kinalaunan sa pagbubuo ng teatro-komedya na nagtatampok ng kani-kanilang *mga phallus* (Marra & Clayton, 1993). Kaya't malinaw na ang phallokrasiya ay isang sukdulang anyo at karikatura (i.e., komedya) ng autokrasiya.

Hanggang ngayon sa social media, sikat pa rin ang mga kataga nina FPJ at Eddie Garcia na gumagamit ng salitang bayag—na naging tampulan ng katatawanan at katuwaan sa kasalukuyan. Ngunit, hindi nila ginamit ang metapora ng titi upang ikawing sa kalakasan, katapangan,

at kapangyarihan. Gayunpaman, ang konotasyon ng bayag na lakas ay hindi lamang nakakuyom sa "lakas ng mga bida" kundi gayundin sa mga kontrabida, dahil ang engkuwentro sa pagitan ng mga bida at kontrabida ay manipestasyon ng pagpipitpitan ng mga bayag na simbolo ng pagtutuos, pagtatalo, at paglalaban. Ang karamihan sa mga kontrabida, ayon kay Zeus Salazar (2004), ay hindi mapagpasensiya: sila ang mga tauhang pasigaw-sigaw, pasampal-sampal, at madada. Kaya't katulad ng baril (na binubunot kaagad ng mga "hindi mapagpasensiya") ang bayag ay ibinabandera bilang last resort sa kaaway upang ipamalas ang kaniyang katapangan.

Madalas kong naririnig sa kalye ang "magpitpitan pa tayo ng bayag" at hindi ang "magpitpitan pa tayo ng titi" sa tuwing nag-aaway ang kalalakihan. Sa mga salitang kalye na *yagbols* para sa bayag at *tarogo* o *tarugo* para sa titi, mas malinaw sa nauna ang konotasyon ng konsepto ng katapangan. Mas nasa panloob (inner strength) ang bayag, samantalang nasa panlabas (extroverted exhibitionism) ang titi o phallus.[1] Sa wikang Kastila, *cojones* ang tawag sa bayag. Kaya't ang *sin cojones* o walang bayag ay isang indikasyon ng karuwagan o *cobarde* (coward sa Ingles). Ayon sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* (1860) nina Juan de Noceda, Pedro de San Lucar, at Pablo Clain, ang *cobarde* (*acobardarse* o taong duwag) ay katumbas ng mga katutubong salita na *duag* (duwag), *dusong, bayoguin,* at *tucang* (Noceda et al., 1860/2011, p. 467). Kapansin-pansin naman ang pagtutumbas nina Noceda sa cobarde sa bayoguin o bayog, anyong *babaylan* o *katalonan* na mga lalaking espirituwal na nagdadamit at kilos na parang isang babae (see Salazar, 1996). Litaw ang pagiging sexistang patriarkang pananaw ng mga Kastila. Kung inihanay nila ang bayoguin (ang mga lalaking may pagkababae) bilang duwag o mahina, ibig sabihin ganoon din ba ang tingin nila sa kababaihan? Dito posibleng mali ang tingin sa kababaihan bilang mga acobardarse sapagkat hindi limitado sa lalaki ang konsepto ng cojones. Maaari rin itong iugnay sa mga babaeng marunong lumaban (halimbawa, si Henerala Agueda Kahabagan y Iniquinto ng Katipunan). Ayon kay Salazar (personal communication, 2022), sinabi ng isang Amerikanong Gobernador-Heneral, "the only one with balls in this country are its women." Sa pakiwari ko, ang tinutukoy dito ni Salazar ay si Gobernardor-Heneral Leonard Wood na nagsabing "the best men are the Filipino women" (Sta. Romana-Cruz, 1998, p. 168). Ang siga-sigang ugali at kilos ni Kahabagan, at posible pa ngang pati si Trinidad Tecson na tinawag din bilang "Babaing Lalaki" (Reguindin-Estella, 2014, p. 265), ay nagdala sa kaniya upang tawaging babaeng may cojones (may bayag). Kabilang dito ang pakikisangkot ni Kahabagan kay Artemio Ricarte sa paglusob nila sa San Pablo, Laguna (Camagay, 1998, p. 68) at pakikibaka sa Digmaang Pilipino-Amerikano bilang tanging babaeng heneral ni Miguel Malvar (Churchill, 1995, p. 66; Tan, 2002, p. 85).

Si Kahabagan na may cojones ay isang halimbawa na hindi nasusukat sa titi ang katapangan ng mga Pilipino. Taliwas ito halimbawa sa kaisipang Freudian na *Electra complex* (na tila *Oedipus complex,* sa anak na lalaki at kaniyang ina) na lumilitaw ang pagka-*penis envy* (pagkainggit sa titi) ng babae kaya't naghangad ito na sana'y naging lalaki na lamang siya upang maging katulad ng ama. Ganito rin ang naging paniniwala ng mga sinaunang Griyego. Idiniin halimbawa ni Aristotle na ang puki ay hindi ganap na titi dahil sa pisikal na katangian ng *kleitoris* o *clitoris* (tinggil) na para sa huli ay isang "undeveloped phallus." Kaya't mabilis at hindi patas na tiningnan ang kababaihang Griyego bilang "imperfect men" (Siy, 2018).

Litaw na ang phallus ng Kanluran ay nasa panlabas lamang at malayong-malayo sa bayag, cojones, o yagbols ng mga Pilipino na nasa loob (ang katapangan). Gayunpaman, nabulag ang karamihan sa atin na ang titi o phallus ay simbolo ng katapangan. Halimbawa, sa tuwing ito ay binabanggit o itinatampok ni Duterte sa boses niyang may tonong matigas, siga-siga, at astang malakas, buong akala na nati'y ang phallus ang siyang sentro ng kalakasan, katapangan, at kapangyarihan. Malaki ang epekto nito sa ating kamalayan.

Ikinintal ng ganitong phallosentrikong kaisipan ang tila demarkasyon sa lakas, tapang, at kapangyarihan na nakabatay sa kasarian. Anila, implikasyon ng karuwagan ang walang bayag, nakaatras, nakatago, o nakaurong ang bayag. Samantalang larawan ng pagiging malakas, matapang, at makapangyarihan ang pagkakaroon ng bayag o nakaharap ang bayag. Kaya't dito madudukal ang mapanghamak, patriarkal, at sexistang pagtingin sa ari ng kababaihan – ang puki bilang kabaliktaran ng titi (sagisag ng pagiging malakas), na isang Kanluraning kaisipan. Halimbawa, sa kulturang Anglo-Amerikano, isang mapanghamak kung tutuusin ang kanilang pang-araw-araw na ekspresyong "don't be a pussy" (huwag kang maging puki = huwag kang maging duwag) (Truong, 2017) na representasyon ng isang pagiging mahina, walang kakayahan, walang kamalayan, kawawa, o inperyor. Ang ganitong hindi patas na pagtrato sa kasarian ay walang dudang namamayani rin sa lipunang Pilipino. Halimbawa, sa tuwing mabagal o makupad ang isang lalaki, mabilis na itong matatawag na "para ka namang babae kung kumilos." Gayundin, kapag ang isang babae ay malakas at matapang, hindi ito kaagad na tatawagin bilang "babaeng malakas" o "babaeng matapang" bagkus "Ang lakas/tapang mo naman, para kang lalaki" (Tugano, 2021a, p. 93). Epekto ito ng phallosentrikong kaisipan na minana pa natin sa mga kolonisador at patuloy na naririnig sa kaisipan at salita ni Duterte.

Sa maraming pagkakataon, madalas pang iwangis ang titi sa masaklaw na konsepto ng paninindigan—nakatindig (tayô sa Tagalog) ang titi o kapag nakatindig ang titi, senyales na ito ng kahandaan sa anumang laban. Laganap

na kataga ang tindig. Ayon sa sikolinggwistikang pag-aaral ni Roberto Javier (2010) hinggil sa salitang tindig, mayroon itong katumbas sa iba't ibang wikang etniko katulad ng *tindog* sa Waray, Bikol, Hiligaynon, at Cebuano; *tindug* sa Tausug; o *tendeg* sa Meranaw (p. 49). Lahat ng pagtutumbas na ito ay maiuugnay sa katuwiran (katuwiran = tuwid, hindi baliko ang tindig at hindi lamang basta nakatayô).

Kung ilalapat ito sa kasalukuyang lipunan, mabilis na lamang para sa ilang sexistang kalalakihan na sabihing isang panlalaki ang ispektakulo ng tindig, at hindi ito angkop o hindi maaaring pambabae sapagkat wala naman daw silang pantindig na nasa anyo ng phallus. Ang baluktot at mapanikil na pagtingin sa hanay ng kababaihan ay litaw na mapapansin sa ilang pahayag ni Duterte sa iba't ibang pagkakataon at konteksto. Gayunpaman, hindi nababagay ang malalim na dalumat-Pilipino ng tindig bilang manipestasyon ng phallus kung iaangkla ito sa pagpapakahulugan ng Kanluran na nagdala sa pamamayani ng mga phallocrat. May kasabihan tayong "hindi lang dapat puro titi ang pinaiiral, mas mahalagang may bayag." Ito ang kadalasang maririnig sa mga nakatatandang pinagsasabihan ang isang lalaking nakabuntis ngunit hindi kayang panagutan o suportahan ang babae at magiging anak. Nakapako talaga ang titi o phallus sa kaantasang sekswalidad samantalang ang bayag ay maaari pa ngang ikawing sa paninindigan (mula sa tindig pa rin). Alaumbaga, ang tunay na matapang, katulad nina FPJ at Eddie Garcia, ay pinatitindig ang bayag at hindi puro titi o phallus.

Bagaman ang sanaysay na ito ay napapalamutian ng kultural, linggwistiko, at politikal na pagpapaliwanag hinggil sa mga presidential speeches ni Duterte hinggil sa phallus, holistikong kakawing ito sa critical discourse analysis (CDA) o isang metodo ng kritikal na paglalarawan at pagbibigay ng interpretasyon sa isang pahayag. Katulad ng ilang pag-aaral na gumamit ng CDA (Dacay, 2018; Gelilang et al., 2021; Prieto, 2021; Rubic-Remorosa, 2018; Salayo, 2020; Tamano et al., 2021) upang suriin ang iba't ibang pahayag ni Duterte, naglalayon ang artikulong ito na galugarin ang kaniyang pagkakagamit sa sekswalidad, phallus, at oryentasyon hinggil dito upang sikilin ang imahen ng kababaihan at paghariin ang patriarka ng kaniyang administrasyon. Ang CDA, katulad ng discourse analysis ay tumutuon sa papel ng wika sa pagbubuo ng panlipunan at sikolohikal na kamalayan, ngunit mas tuon ng CDA ang negatibong konotasyon at ginagampanan ng wika tungo sa pag-establisa ng kapangyarihan (power resource) na malaong magdadala sa wika upang maging lunsaran ng pang-aabuso, inhustisya, opresyon, at hindi pantay na pagtrato sa lipunan (Mullet, 2018, pp. 116-117). Dagdag pa ni Mullet, ang wika, sa anyo ng mga diskursong politikal na manipulado ng mga elit, ay umaambag lamang sa pagbubuo ng rasismo at diskriminasyon (p. 117). Sa kaso ni Duterte, hindi lamang rasismo at

diskriminasyon ang kaniyang pinamayani ngunit maging ang karahasang oral kontra-kababaihan sa anyo ng misogynismo at patriarkiya.

Itinuon ng pagsusuring ito ang mga pahayag ni Duterte hinggil sa kaniyang phallus at kung paano niya ginamit at iniugnay dito ang pusod at utog sa kabastusan, kawalan ng batayang kultura, at kawalan ng kabuluhan. Bagaman nauna nang sinuri ni Vicente Rafael (2021) sa kaniyang kabanatang “Duterte’s Phallus: On the Aesthetics of Authoritarian Vulgarity” ang pananangkapan ni Duterte sa kaniyang phallus upang ipamayani ang kaniyang tapang at maskulinidad, may nais idagdag ang artikulong ito. Gamit ang CDA, sinuri ni Rafael (2021) ang mga pahayag ni Duterte hinggil sa viagra, katatawanan sa panggagahasa at panghihipo, panghihiram ng asawa, at pagkakagamit sa phallus. Kaya’t higit na tuon at aambagan ng artikulong ito ang pagbabalik-tanaw sa malayong nakaraan hinggil sa “tunay” na pagpapahalaga at pagpapakahulugan ng mga sinaunang proto-Pilipino hinggil sa pusod at utog na nilapastangan at iniugnay ni Duterte sa phallic jokes. Kaya’t sa isang banda, liban sa CDA, posibleng kumatig din ang artikulong ito sa philological analysis na kung saan sinusuri hindi lamang ang lexemes, korpus, at katangian o pagkakagamit sa wika ngunit maging ang kultural at historikal na aspekto nito (Furqatovna, 2022). Sa kasong ito, ano ang kultural at historikal na pagkakaiba ng pusod at utog ng mga sinaunang Pilipino kontra sa pusod at utog vis-a-vis pananangkapang phallus ni Duterte?

Para kay Duterte, ang matapang at malakas na lalaki ay nasusukat sa malaki at mahabang phallus o titi. Ngunit sa pagtaya ni Zeus Salazar (personal communication, 2022), sa maraming etnolinggwistikong pangkat sa Pilipinas, hindi kailanman pinahahalagahan ang laki at haba ngunit ang saysay at performance nito, at higit sa lahat ang bayag na lunsaran ng tapang at lakas ng loob. Kung gayon, isa sa mga gagalugarin ng artikulong ito ay kung saan nakuha at ano ang pinagbabatayang kalinangan ni Duterte hinggil sa kaniyang phallus?

Inaambagan ng artikulong ito ang makabagong pagtaliwas ng pananaw hinggil sa maskulinidad at phallus na nasusukat sa laki at haba. Kakaunti lamang ang mga naging pag-aaral tungkol sa sekswalidad at pagkalalaki ng mga Pilipino na tumuon halimbawa sa pakikipagtalik at sa ari (Navarro & Elumbre, 2019). Sa ganang ito, pinagtalab ang maskulinidad at diskursong politikal.

Mapanganib kung tutuusin ang mga birong ito ni Duterte dahil dinidiyastipika lamang nito ang diskriminasyon sa usaping phallus ng kalalakihang Pilipino. Sa maraming pagkakataon, pinoproblema ng ilang kalalakihang Pilipino ang sukat ng kaniyang phallus. Ayon sa University of Ulster-Northern Ireland, ika-110 ang Pilipinas sa mga bansang may average

size na phallus na sumusukat ng 4.3 pulgada (ABS-CBN News, 2015). Kung minsan nagiging ground for annulment pa nga ito. Makikita halimbawa sa Executive Order No. 209, s. 1987 o The Family Code of the Philippines ang Art. 45, Sec. 5, na nagsasabing "That either party was physically incapable of consummating the marriage with the other, and such **incapacity continues** [akin ang diin] and appears to be incurable…" (Official Gazette, 1987, para. 57). Bagaman hindi direktang sinasabi rito na ground for annulment ang impotence (hindi pagtigas o pagtindig ng titi), mapapanood halimbawa sa pelikulang *Bar Boys* (Oebanda, 2017) ang isang eksena kung saan pinag-uusapan sa loob ng klase na isang psychological incapacity ang pagkakaroon ng maliit na titi. Hiniwalayan daw ang lalaking mayroon tatlong pulgada at isang sentimetrong sukat ng titi o katulad ng hinliliit kapag matigas (see G.R. No. 119190 January 16, 1997, as cited in Oebanda, 2017). Liban sa mga sarbey, batas, at pelikula, makikita rin sa social media at online shopping ang paglabas ng ilang mga advertisement hinggil sa gamot o pamahid bilang "solusyon" kung paano lumaki ang titi.

Litaw na may panghahamak ang ating lipunan sa ilang kalalakihan at kapagdaka'y pinatindi pa ni Duterte sa kaniyang mga pahayag. Hindi lamang kontra-kababaihan ang kaniyang mga phallic jokes ngunit maging sa kalalakihan din. Tama si Rafael dito na "Duterte's phallic power is directed, however, not just at women but, as we saw above, at other men, to make sure they, too, fall in line" (Rafael, 2021, p. 46).

## Si Duterte sa midya, ang midya ni Duterte

Kinasangkapan ni Duterte ang midya upang ipasundayag ang kaniyang tinurang popularidad. Gayunpaman, maoobserbahan sa kaniyang administrasyon ang paglitaw ng dalawang katangian ng midya. Una, ang midya bilang kalaban. Tiningnan ni Duterte ang mga mamamahayag at dyornalista bilang tinik dahil sa kaliwa't kanan nilang pagbabatikos sa karahasan ng impunidad at digmaang kontra-droga. Karapat-dapat lamang daw ang sinapit na kamatayan at/o pagpatay sa ilang mga mamamahayag dahil sila ay mga korap na katulad ng buwitreng nagbabalat-kayong dyornalista (Bello, 2017, p. 36). Malinaw ito halimbawa sa kung paano ipinasara ni Duterte ang istasyon ng ABS-CBN at pagsasampa ng kaso kay Maria Ressa ng Rappler.

Pangalawa, ang midya bilang tuntungan ng popularidad. Sa kaniyang kandidatura hanggang sa pagkapanalo bilang pangulo, malaki ang ginampanan ng midya sa pagpapatibay ng kaniyang popularidad. Lumitaw si Duterte sa panahong nasa 97% na ng populasyon ng mga Pilipino ang mayroong Facebook (Etter, 2017, para. 4). Sa kabila ng kaniyang edad na 71, naglitawan ang kaliwa't kanang mga Facebook o Youtube personalities

at blogger na nagbabandera ng katanyagan ni Duterte (Etter, 2017, para. 4). Mapanganib ito sapagkat nasasapawan ng mga b/vlogger at apolohista ang tunay na pamantayan ng isang malaya at mapagpalayang pamamahayag. Tingnan kung paano ngayon pinaniniwalaan ng ilang Pilipino ang mga b/vlogger at Facebook personalities bilang mga "makabagong unbiased journalist" dahil para kay Duterte, ang mga mamamahayag ay "bayaran," "biased," at "dilawan" (Mogato, 2022, para. 4). Ang ganitong konsepto ni Duterte ay maituturing bilang media populism. Ito ang pagkuha ng lider sa "kaloobang-bayan" o pulso ng taumbayan sa midya upang siya'y maibigan at tangkilikin. Ayon kay Benjamin Kramer (2014), epektibo itong taktika upang makuha ang kagustuhan at kiliti ng taumbayan. Aniya:

> [W]e define media populism as the use of stylistic and ideological elements by some media… the construction and favoritism of in-groups, hostility toward, and circumvention of the elites and institutions of representative democracy, reliance on charisma and (group-related) commonsense, and appeal to moral sentiments (p. 48).

Sa sariling pagtataya—liban sa midya, produkto rin si Duterte ng panahon kung kailan naimarka sa taumbayan ang mataas na pagkiling sa media personalities katulad ng mga artista. Ayon kina Eugene Evasco, Atoy Navarro, Will Ortiz, at Mary Jane Rodriguez-Tatel (2011), iginagalang at sinasamba sa lipunang Pilipino ang mga artista sa pelikula, at kadalasan pa nga'y pinakikinggan ng mga karaniwang tao, at nagiging modelo ng kabataan at nariyang ginagaya ang estilo ng kanilang pananamit, pananalita, at pilosopiya sa buhay (p. 83). Lalo pa't ang politikal na landskeyp ng Pilipinas ay nakaumang sa mga political dynasty at mga sikat na artista. Mula 2010, nakapagpaupo sa gobyerno ang mga Pilipino ng mga artista, boksingero, basketbolista, at iba pang mga sikat na personalidad (David at San Pascual, 2016, p. 83). Tingnan halimbawa si Manny Pacquiao na ayon sa tala ay tumataas hanggang 400 megawatts ang konsumo ng taumbayan sa kuryente mapanood lamang ang kaniyang laban (ihambing ito sa 111 megawatts nang iere ang kaso ni Joseph Estrada) (Guillermo, 2009, pp. 126-127). Ang ganitong popularidad ni Pacquiao bilang malakas at kawawa dahil sa bugbog ay nagdala sa kaniya sa senado. Kung gayon, sa midyang Duterte ay ganap siyang maihahalintulad sa mga artistang inidolo ng mayoryang Pilipino. Ginaya ng karamihan ang kaniyang sikat na islogang "Change is coming" (McCargo, 2016, p. 187). Tingnan din bilang halimbawa ang Netflix Series na *Trese* (Tan at Baldisimo, 2021) na nagtampok sa karakter ni Mayor Sancho Santamaria bilang populista, lider na laging nananakot at nagbabanta, at bantog sa katagang "Change is Coming." Sa aking pagtataya,

si Santamaria ay parallel character ni Duterte (see Tugano at Sajor-Tugano, 2022, p. 78).

Sa tradisyonal na media studies katulad sa iba't ibang disiplina, palaging tinitingnan ang taumbayan at/o manonood bilang pasibong tagatanggap o tagakonsumo ng kung ano ang pinoprodyus ng midya. Ngunit sa kasong ito ang mga pahayag ni Duterte, malaong makikita na ganap silang magiging aktibo na may kakayahang magbigay ng interpretasyon o kahulugan batay sa mga pinapanood. Nakababad ang taumbayan sa mga melodramatikong teledramang araw-araw nilang pinapanood na tila bagang naging frame na ito ng kanilang interpretasyon sa midya. Kaya't sa maraming pagkakataon, natatanggap nila ang performance ni Duterte. Karamihan sa kanila'y tiningnan si Duterte hindi lamang bilang traditional politician ngunit performer din. Batid ng huli na pinapanood siya ng taumbayan sa midya na tila isang artistang inaabangan. Kaya't paghahandaan at ipapakita ang mga pahayag na para sa kaniya'y papatok sa kiliti ng taumbayan. Ang ganitong melodramatikong tagpo sa midya ng politikang Duterte ay nabigyang-diin ni Anna Cristina Pertierra (2017) sa kaniyang kabanata sa akdang *A Duterte Reader.* Aniya:

> such melodramatic scandals are watched with great interest by everyday Filipinos, who follow the storylines as if they were from a television serial. Daily revelations and entanglements are discussed while people watch the live streams or television broadcast in living rooms, malls, or restaurants, or listen on the radio while traveling on public transport. Such conversations mix with celebrity gossip and conversations about television as part of the fabric of daily life; people speculate about the twists and turns of each day's revelations and consider the personal enmities and family histories behind political disputes (pp. 222-223).

Isang halimbawa rito ang mga phallic jokes ni Duterte na lumaganap at tiningnan bilang mala-pelikulang pagtatanghal na pinag-usapan sa social media. Marami sa mga ito ay umani ng reaksiyon sa mga kilalang social media platforms katulad ng Youtube, Twitter, at Facebook. Subuking tingnan ang Youtube videos noong 2017 at 2019 kung saan unang maririnig ang paggamit ni Duterte sa konsepto ng utog bilang tanda ng pagiging lalaki at kung paano nakaaapekto ang sakit sa "pagtayo ng titi." Sa ngayon, may 14,327 views ang kaniyang naging pahayag noong 2017 (News5Everywhere, 2017) samantalang 101,880 views naman noong 2019 (Pinas News, 2019). Sa parehong taon, ipinagmalaki ni Duterte ang haba at laki ng kaniyang phallus na nagtamo ng 15,643 views (peter mark sulit, 2019). Iba-iba rin

ang naging tugon at reaksiyon ng mga tagapanood – may natutuwa at hindi natutuwa. Makikita sa comments section ang pagkadismaya (larawan 1) — nakalulungkot, nakapangingilabot, at nakagagalit daw ang mga biro. Ganoon din sa Twitter (larawan 2) kung saan tiningnan ang phallic jokes bilang walang sustansiya o lamang argumento. Kapansin-pansin din ang pagtingin sa mga birong ito bilang mala-defense mechanism ng isang maliit o mahinang tao. Samantala, sa isang meme sa Facebook (larawan 3), makikita ang pagkakaiba ng titi kontra bayag, kung saan ang huli'y tiningnan bilang larawan o simbolo ng katapangan (ang pakikipaglaban sana sa West Philippine Sea, mataas na sahod, pagsuplong sa mga totoong drug lord, at iba pa). Katulad ng meme na ito, maaasahan sa susunod na bahagi ng artikulong ito ang mas pinalawak na pagtingin sa kaibahan ng titi at bayag sa antas ng paninindigang politikal.




**Larawan 1.** Halimbawa ng negatibong komento at/o reaksiyon sa Youtube hinggil sa *phallic jokes* ni Duterte (Peter mark sulit, 2019).




**Larawan 2.** Halimbawa ng negatibong komento at/o reaksiyon sa Twitter hinggil sa phallic jokes ni Duterte (@Nekn3km0, 2021; @ titanimarklee, 2020).




**Larawan 3**. Halimbawa ng negatibong komento at/o reaksiyon sa Facebook hinggil sa phallic jokes ni Duterte (Ang Lagalag, 2019).

Samantala, sa kabilang panig, ang mga biro ay nakatatawa, nakahuhumaling, nakatutuwa, pagsasabi lamang ng totoo, at katangian ng pagiging "alamat" (dakila). Makikita ito halimbawa sa Youtube (larawan 4) at Twitter (larawan 5). Bagaman batid na ang karamihan sa mga "tagapagtanggol" ni Duterte ay nagtatago bilang mga paid trolls o fake account (see Sinpeng et al., 2020), hindi pa rin maitatangging nakapagmamarka rin ang ganitong baluktot na kaisipan sa kamalayan ng nakararami.




**Larawan 4.** Positibong komento at/o reaksiyon sa Youtube hinggil sa phallic jokes ni Duterte (Pinas News, 2019).




**Larawan 5.** Positibong komento at/o reaksiyon sa Twitter hinggil sa *phallic jokes* ni Duterte (@ danflicted,2018; @ n4qpu, 2020).

Mapanganib ang mga patawang ito. Magdadala ito sa pagbubuo ng re/disoryentasyon hinggil sa kasarian at sekswalidad. Ani Rafael (2021), “while laughter creates conviviality and community, it is always showed by violence and fear” (p. 53). Sa pagkakataong ito, naimarka sa madla na ang birong may kinalaman sa phallus at pambabastos sa kababaihan ay isang natural o tipikal na gawain sapagkat ito ang nakikita ng marami sa oryentasyon ni Duterte. Gayundin naman ang epekto sa kamalayan ng mga “hindi natatawa,” “nakasimangot,” at/o “walang reaksyon.” Sila kadalasan ang mga tumututol sa ganitong gawain, karaniwa’y mga gender advocate, peminista, kontra-karahasan, at kontra-pambabastos. Kapagdaka’y sila rin ang bubuweltahan ng mga taga-suporta ni Duterte gamit ang retorikang “parang hindi naman ninyo kilala ang pangulo” o “nagsasabi lang ng totoo ang pangulo” (see Ranada, 2020, para. 4).

Laganap sa midyang Duterte ang pagtatanggol na “sanay na sanay na ang mga tao sa biro ni Duterte” (see Macasero, 2019, para. 11). Marami sa mga tagapagtanggol ni Duterte ang nagsasabing normal ang mga birong ito dahil sa pinanggalingang kultura at lipunan mismo ng dating pangulo. Halimbawa, sa aking pakikipag-usap kay Felipe Jocano Jr. ng Departamento ng Antropolohiya, U.P. Diliman, sinabi niyang bahagi ng humor ng ilang Bisaya ang pagbibiro hinggil sa laki ng titi bilang pabirong pagyayabang o pagpapasikat kaya’t may ugaling hindi ito tatanggapin ng mga labas sa kulturang iyon (halimbawa, mga taga-Katagalugan/Luzon) (F. Jocano, personal communication, 2022). Malinaw ding ipinaliwanag ni Herminia Meñez-Coben (2009) na ang trope o metaporikal na pahayag kung saan may iba’t ibang pakahulugan dito ang nagsasalita ay nakaangkla sa tinatawag na multiplicity of function o plurisignation na kaakibat ng bawat sinasalitang pahayag. Aniya, “the power of the spoken word lies as much in the social identities of its speakers as it does in its dynamic artistry” (p. 1). Gayunpaman, ang midyang Duterte ay nagmalabis sa mga phallic jokes na hindi basta-bastang matatanggap bilang ordinaryong biro ng nakararami.

## Pilosopikal na konsepto ng phallus

Sa kabila ng pagiging phallocrat ni Duterte mismo, maituturo pa rin sa Kanlurang pilosopiya ang pinagmulan ng konseptong ito. Pranses ang pinagmulan nito — *phallocrate, phallocratique,* at/o *phallocratie*. Ginamit noong dekada 1930s ang konseptong ito sa psychoanalysis (Tyler, 2014). Naunang ginamit ni Ernest Jones (1927) ang phallocentrism upang salungatin ang mapaghating klasipikasyon ni Sigmund Freud (1962/1975) sa kasarian at ari. Naniniwala si Freud (1962/1975, as cited by Friedman, 2001) na ang mga bahagi ng katawan ay nilikha nang hindi magkatulad at magkapantay at kapagdaka’y mapupunta sa kaniyang oryentasyong di-magkatulad na

sekswalidad ng lalaki at babae. Idiniin naman ni Jones (1927) na ang penis envy ay isa lamang defensive formation upang tingnan ang katayuan ng mga babae. Pinasimulan ni Freud (1986 as cited by Rizzolo, 2014) ang konsepto ng castration anxiety na nagsasabing sa phallic stage ay inilalayo ng babae ang kaniyang sarili sa ina at sa halip ay mas kinikilala ang ama. Dulot ito ng inggit sa phallus ng ama at pagkawala ng phallus ng babae (Freud, 1933, as cited in Cherry, 2020). Patriarkal ang katangian ng kaisipang ito ni Freud kaya't para sa peministang si Karen Horney ay baluktot at mapanghamak ito. Malaki ang naging epekto ni Horney, kasama ni Melanie Klein, upang palawakin ni Jones ang konsepto ng phallocentrism.

Sa kabilang banda, naniniwala naman ang teoristang si Jacques Lacan (1966/2006) na ang phallocentrism ay nabuo sa mabilisang paghatol sa ari ng tao nang hindi isinasaalang-alang ang kaibahang anatomikal nito. Para kay Lacan ang phallus ay instrumento (signifier) ng mga kagustuhan (desire) kung saan ay nagmimistulang mas mababang uri ang kababaihan.

> If the mother desires the phallus, then the child will want to become the phallus to satisfy her desire… In sex, the woman finds the phallus in the body of the man. Sex gives her what she does not have, and yet deprives her of it. The man's desire for the phallus may lead him toward women who signify it in various ways. For both genders, a dialectic emerges between having or not having, and being or not being, the phallus-as-signifier (Rizzolo, 2014, p. 158).

Pumaibabaw ang usapin ng phallocentrism sa diskurso ng mga peminista, at naging mainit na debate ang phallus sa usaping pangkababaihan. Gayunpaman, hindi lamang sa kababaihan namayani ang pagtutol sa pag-iral ng phallocentrism, dahil noong dekada 1960s hanggang 1970s ay ginamit din ito ng mga bakla upang labanan ang sexistang paghahari-harian ng mga "with a penis" (Tyler, 2014, p. 153). Bagaman nauna nang inilapat ni Mary Daly sa kaniyang *Gyn/Ecology* (1978) at ni Carol Pateman sa kaniyang *The Sexual Contract* (1988) ang phallus bilang singkahulugan ng patriarka, hindi nila ito nabigyan ng kongkretong depinisyon (Tyler, 2014, p. 153). Kaya't masasabing ang siyentipiko, pilosopikal, at komprehensibong pagdalumat dito ay mula kina Luce Irigaray (1985), Helen Cixous (1976), at Judith Butler (1993). Bagaman sang-ayon si Irigaray (1985) sa post-structuralist na kritika ni Lacan kay Freud hinggil sa "subordinasyon" ng mga babae, problematiko pa rin para kay Irigaray ang ilang pagsusuri ni Lacan. Ayon sa kaniyang *This Sex Which is not One*, nananatiling phallocentrism ang kinalalagyan ng kaisipang ito ni Lacan (Irigaray, 1985). Nakaligtaan daw niya ang pagturol sa kahulugan at kabuluhan ng aring sasalungat sa phallus—ang puki. Kaya't

sa aklat na ito, kasama ang isa pa niyang akdang *Speculum of the Other Woman* (1974), kronolohikal niyang binalangkas ang mababang pagtingin sa kababaihan mula sa panahon ni Plato hanggang kay Freud. Upang banggain ang pinangangalandakang phallus, binuo niya ang pagpapakahulugan sa labi [lips] bilang metapora ng puki. Ang labi ay representasyon ng puki at stimulo ng pananalita ng mga babae (Irigaray, 1974). Katulad ni Irigaray, mariin ding kinokondena ni Helen Cixous (1976) ang malabnaw na paghahari-harian ng phallus sa diskursong pangkababaihan. Para kay Cixous, kinasangkapan ng patriarka ang phallus upang tingnan ang kababaihan na nasa "ilalim" at mayroong "kakulangan" (as cited in Rafael, 2021, p. 47).

Kinontra din ng peministang si Judith Butler ang kaisipan ni Lacan. Sa kaniyang sanaysay na "The Lesbian Phallus and the Morphological Imaginary" sa aklat na *Bodies that Matter* (1993), ipinakilala ni Butler (1993) ang konsepto ng *lesbian phallus*. Kung para kay Lacan (1966/2006) ang phallus ay simbolo ng kapangyarihan, para naman kay Butler (1993), gamit ang ideya ng lesbian phallus, ang phallus ay detachable o maaaring alisin at agawin mula sa nagmamay-ari nito (lalaki) at ilipat sa kahit na sino (maging sa mga babae). Gamit ang metapora ng detachable phallus, ipinakita ni Butler na pantay ang papel ng babae at lalaki sa lipunan. Mababasa rin ito sa kaniyang *Gender Trouble: Feminism and the Subversion of Identity* na nagsasabing "gender is not a noun, it is performative" (Butler, 1999, pp. 33-34).

Kaya't mula sa mga konseptong ipinakilala ng mga batikang teorista, higit sa lahat ng mga peminista, maaaring panukalain ang ideya ng pagiging phallocrat ni Duterte. Paano niya nagamit ang mga phallic jokes na ito upang tingnan ang subordinasyon ng mga babae batay sa kaniyang oryentasyon hinggil dito?

## Birong Duterte sa midya: Panghahamak o pagkatakot sa mga babae?

Naging lantad ang "pagbibiro" ni Duterte sa maraming pagkakataon, higit sa lahat kung paano niya itinratong mala-pampasiglang bilang ng kaniyang talumpati ang mga birong yumuyurak sa dangal ng kababaihan, at yaong may kinalaman sa kaniyang phallus. Patuloy ding ipinagtatanggol ng mga *Diehard Duterte Supporters* (DDS), apolohista't iba pang taga-suporta, at ilang mga opisyal ng administrasyon ang ganitong "pagbibiro" ni Duterte. Nariringgan sila ng mga katagang, "parang hindi naman ninyo kilala ang pangulo na likas magbiro" (see Ranada, 2020, para. 4), "sanay na sanay ang mga tao" (see Macasero, 2019, para. 11) at marami pang iba. Para sa ilan, ang ganitong taktika ni Duterte ay bahagi lamang ng tinatawag na tough love (see Kusaka, 2017) o uri ng pagmamahal na karaniwang nakikita sa

magulang at anak. Kung hindi man, paraan ito ni Duterte upang bumuo ng tinatawag na aesthetic of vulgarity (Mbembe, 2019 as cited in Rafael, 2021, p. 42) o pakikipag-ugnayan at pagpupunla ng conviviality o vibrant atmosphere sa pagitan ni Duterte at kaniyang mga tagapakinig.

Isa pang bagay na dapat makita sa mga phallic jokes ni Duterte ay kung para saan at bakit nga ba niya ginagamit ang mga ito? Ginagamit ba niya ang kaniyang phallus upang manghamak ng kababaihan o dahil takot siya sa kababaihan? Bunga ng isang matapang at matalinong babae at ina si Duterte. Kilala si Soledad "Nanay Soling" Roa-Duterte sa nanguna ng Yellow Friday Movement of Davao, isang samahan noong dekada 1970s hanggang 1980s na naglayong patalsikin ang diktaturyang Marcos at Batas Militar (Malasig, 2021, para. 14-15). Inorganisa ni Soledad ang organisasyong pangkababaihan, at sinabi ni Luz Ilagan ng Gabriela Partylist, "Soledad was already a woman activist long before the term was coined" (Malasig, 2021, para. 17). Kabalintunaang sa kabila ng pinalaki sa takot ng isang matapang na babae si Duterte ay nanghahamak siya ngayon ng kababaihan. Hindi lamang ang mga babaeng Pilipino ang nilapastangan ng kaniyang mga biro at pahayag kundi pati ang kababaihan sa iba't-ibang panig ng mundo. Ininsulto niya halimbawa sina International Criminal Court (ICC) Prosecutor Fatou Bensouda na tinawag niyang "black woman," at United Nations Human Rights Rapporteur Agnes Callamard bilang "skinny" at "malnourished" (Regencia, 2018a, para. 18). Gayundin ang naging pahayag niya para kay Christine Lagarde ng International Monetary Fund (IMF), "I once saw her [Lagarde], just pull her into a corner, son of a bitch, she will change her mind" (Regencia, 2018a, para. 14-15). Ayon kay Inday Espina-Varona, isang mamamahayag, "Duterte is definitely intimated by strong women" (Regencia, 2018a, para. 23).

Para kay Rafael (2021), pagkatakot sa babae ang namamayani sa mga misogynistang biro ni Duterte. Aniya, "he was a mama's boy who chafed under his mother's discipline. His misogyny is countered by his deference to women around him, especially his mother and elder sister, and now his daughter, Sarah. And the political opponents **he fears most are mostly women**" [akin ang ang diin] (p. 54). Sa isang pahayag noong 2018, iniutos ni Duterte na barilin sa ari ang mga babaeng pinaniniwalaang sangkot sa New People's Army (NPA) (Regencia, 2018b, para. 1). Aniya, "we will shoot your [genitals], so that if there are no more [genitals], you would be useless" (Regencia, 2018b, para. 5). Maiuugnay ang phallokrasiya sa genophobia o matinding pagkatakot sa mga babae. Ang ganitong pag-atake sa ari ng mga babae ay maihahalintulad muli sa mga sexistang sinaunang Griyego. Para sa kanila, ang mga taong may phallus ay ganap na tao samantalang ang mga walang phallus ay hindi ganap na tao (Tyler, 2014, p. 153). Makikita halimbawa



**Larawan 6**. Depiksyon ng isang Amazon na tila tutusukin ang ari ng Griyegong lalaki (Mayor, 2020).



**Larawan 7**. Ang Amazon na si Penthesilea na sinaksak sa dibdib ni Achilles noong Digmaang Trojan (Silver, 2019).

sa artipakto ng mga palayok ang pagtusok ng sibat ng mga Amazon sa Griyegong lalaki (larawan 6) at pagtusok naman ng mga Griyegong lalaki sa suso ng babae (Larawan 7). Para kay Eva Keuls (1993), ang paggapi ng mga Griyego sa mga Amazon ay senyales ng kanilang labis na pagkatakot sa mga babae. Tingnan ang mga kuwentong pinagbibidahan nina Achilles, Theseus, at Hercules na kung saan hindi nawawala ang kababaihang Amazon bilang kalaban at palaging sa ari't suso ang pagpuntirya sa kanila.

Katulad ng pag-aaral ni Keuls (1993), maaari ring suriin ang pagiging phallocrat ni Duterte gamit ang mga konseptong taal sa kalinangang Pilipino. Sisimulan itong artikulo sa muling pagbaybay sa mga presidential jokes na itinuring bilang misogynistang biro. Susundan ito ng maikling pagbibigay ng kahulugan sa phallokrasiya at phallocrat at paanong laganap ito sa mga post-kolonyal na lipunan. Kaya't mahalagang balikan ang mga lider sa ibayong dagat na kumiling sa ganitong penomeno. Itatampok din dito kung paano iwinasiwas ni Duterte ang kaniyang phallus sa metapora ng pusod at utog. Upang kontrahin ito at patunayang nilapastangan ng kaniyang mga pahayag ang kalinangang Pilipino, iuugnay ko ito sa iba't ibang pagpapaliwanag bilang salungat o saliwa sa kapaniwalaang Austronesyano, etnograpiko, kuwentong bayan o alamat, at kasaysayan (halimbawa, Katipunan at Pahinungod), at bilang kawangis ng iba pang nagwasiwas ng ari tulad nina Tambaluslos at Hudas Iscariote.

## Presidential jokes, birong pang-misogynista

Ayon kay Sarita Echavez See sa kaniyang *Filipinos are Punny* (2008), ang biro (polemikal o sinasalita), pang-aasar, at paglinang ng katatawanan mula sa mga konteksto at konsepto ay bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino (p. 683). Kaniya rin sinipi ang mga sikolohistang sina Sigmund Freud at Virgilio Enriquez na kapwa nagsabing ang pagbibiro at pagbibiruan, lalo na't kung pareho silang nakakatawa, ay senyales ng pagbubuo ng sosyalisasyon o pakikilahok bilang kasapi ng lipunan. Sa kaniyang aklat na *Jokes and their Relation to the Unconscious* (1905/1990), naghain si Freud ng dalawang klasipikasyon ng biro upang ipasundayag ang *Release Theory of Humor.* Ang una ay ang *innocent joke* o pagbibiro nang bahagya, hindi intensyonal, samantalang ang ikalawa ay ang *tendentious joke* o birong intensyonal na may malalim na kahulugan, at pagpapahiwatig o *double meaning* (Freud, 1905/1990, pp. 131-141). Ang tinutukoy namang layunin ay maaaring agresibo, mapangutya, satirikal, nagtatanggol, o nakababastos. Kadalasan, ang angkop na halimbawa ng tendentious joke ay ang obscene joke o malalaswang biro (Freud, 1905/1990, p. 140, 147). Kadalasang nagpapakatianod sa ganitong uri ng biro ang mga sexista, mangmang o insensitibo, at bastos o malalaswa (sa wikang kolokyal, manyakis) at kapagdaka'y walang humpay na pagtatawanan ang ganitong biro. Ang pagpapatawa o pagtawa gamit ang *obscene jokes* ay paraan din ng opresyon at subordinasyon. Ayon sa akdang *The Philosophy of Laughter and Humor* (1986) ni John Morreall, sapul pa noong sinaunang Griyego hanggang sa kaniyang kontemporanidad, ang pagtawa ay pagpapamalas ng superyoridad sa isang tao (pinagtatawanan ang tao dahil siya ay inferyor).

Gamit ang mga balangkas nina Freud at Morreall, maaaring maunawaan ang mga malalaswang biro ni Duterte. May dalawang lohikal na pagkakahati ang kaniyang biro–birong nakatutuwa at birong hindi nakatutuwa. Marami sa mga Duterte jokes ay halimbawa ng tendentious o obscene jokes dahil kalimitan itong nakaiinsulto, hindi nakatutuwa, at mapanupil lalo na sa hanay ng kababaihan. Ang ganitong gawain ng itinuring na macho-pasistang si Duterte (Guevarra & Arcilla, 2020, pp. 489-494) ay nagpapatibay at nagpapalakas lamang ng kulturang impunidad sa bansa kung saan ginagawang katatawanan ang pagkababae ng Pilipino. Gamit ang pananaw ni Morreall, masasabing ang nagpapatawa at tumatawang nagpapasuper-superyoran ay si Duterte, samantalang ang pinagtatawanan o ang ipinagpapalagay niyang inferyor ay ang kababaihang nagiging paksa ng kaniyang mga biro.

Upang pagtibayin ni Duterte ang kaniyang superyoridad, "misogynist wields a cudgel," ani Rafael (2021, p. 45). Ang *cudgel* o sandatang ito ay ang mismong phallus. Kung gayon, ano ang inaapi ng phallus kundi ang "kabaliktaran" nito, ang puki. Maraming pagkakataong ginawang katawa-tawa ni Duterte ang ari ng mga babae. Isang sagrado at sensitibong usapin ang may kinalaman sa ari ng babae. Kung pinag-uusapan man, hindi sa paraang katawa-tawa o kabastos-bastos. Kahit mismo ang mga Kastila ay itinuring na *censored* na usapin ang anumang may kinalaman sa ari ng kababaihan. Halimbawa, sa *Diccionario Hispano-Tagalog* (1889) ni Pedro Serrano Laktaw (1889, as cited in Reyes, 2017), batay sa pormularyong itinakda nila na limitahan ang mga salitang para sa kanila ay kawangis ng karnalidad, kahalayan, at kabastusan, tinanggal o hindi nila isinama ang mga salitang *pocqui, poclo, tilin, tinggil,* o *hindot* ngunit naroon ang salitang titi at bayag.

Maihahalintulad si Duterte sa ilang mga Europeong pinagtatawanan at mababa ang tingin sa ari ng kababaihan. Ayon sa saling aklat ni Beverly Siy na *Pukiusap*[2] (2018), matagal nang minaliit ng mga Europeo ang ari ng kababaihan – (1) ang *anti-masturbation movement* na nagsasabing ang paghimas ng sariling tinggil [clitoris] ay nagiging sanhi ng kanser, epilepsy, at pagkasira ng ulo; (2) sa panahong Puritanical, ang mga babae ay tagapagmana ng mababang uri ng moralidad; (3) itinuring ni St. Augustine ang puki bilang "handog ng Diyos" ngunit sa pagsapit ng ika-4 na dantaon, magiging kasalanan na ito; at marami pang pang-aapi sa kababaihan (Siy, 2018, pp. 4-5, 12, 19, 68). Kung gayon, sa mga nabanggit kong halimbawa, may pagtatangi sa patriarka ang mga Kastila at iba pang Europeo.

May ilang pag-aaral ang sumusog at nagpatibay na kinasangkapan ni Duterte ang mga babae sa kaniyang obscene jokes. Tinutukan halimbawa ni John Carlo Santos sa kaniyang *Pulso ng Bayan* (2021) ang pagsusuri

sa tugon ng ilang kababaihan sa mga misogynistang pahayag ni Duterte, mula sa mga naglalakihang social media news arm ng *Rappler*, ABS-CBN News, at Philstar. Nariyan din ang *corpus-based* na pagsusuri ni Joceli Julia Embuscado Daantos (2020) hinggil sa representasyon ng kababaihan batay sa presidential speeches ni Duterte mula 2016 hanggang 2019.

Isa sa mga hindi nakatutuwang pahayag ni Duterte ay noong inihabla ng *quo-warranto* si Chief Justice Ma. Lourdes Sereno kung kailan minaliit niya ang kakayahan ng mga babae upang mamuno o humawak ng anumang posisyon sa pamahalaan (Santos, 2021, p. 41). Sumunod dito ang kalat-kalat na pagyurak ni Duterte sa pagkatao at dignidad ng kababaihang Pilipino, higit sa lahat ang pagpuntirya sa maseselang bahagi ng babae (ari, hita, at iba pa) at mga kaugnay na kilos (pangmomolestya, paghawak sa panty, at pagpapanood ng sex video). Inisa-isa ni Miriam Grace Go (2019) ang mga hindi makatuwirang ginawa ni Duterte ukol sa sektor ng kababaihan – (1) tila silip ni Duterte sa hita ni Leni Robredo (Nobyembre 2016); (2) pahayag sa mga sundalo na barilin sa puki ang mga mahuhuling babaeng rebelde (Pebrero 2018) at maaari silang manggahasa ng tatlong kababaihan (Mayo 2017); (3) birong ipapanood daw niya sa Santo Papa ang diumano'y sex video ni Leila de Lima (Nobyembre 2017); (4) kuwento ni Duterte tungkol sa kaniyang pagmolestya sa dating kasambahay (Disyembre 2018); (5) biro sa alkalde ng Bohol na hahawakan niya ang *panty* nito hanggang sa matanggal (Mayo 2019); at iba pa (Go, 2019, p. 34).

Ganito rin ang naging tugon ni Duterte kay Francisco "Kit" Tatad matapos nitong maglabas ng maling impormasyon tungkol sa kalusugan ni Duterte. Bilang pagganti, sinabi ni Duterte na "ipahiram" ni Tatad ang kaniyang asawa nang dahil sa hindi matukoy na layunin (Macasero, 2019, para. 9). Pinuna ito ng women's rights advocate na si Sylvia Claudio ng University of the Philippines Diliman na nagsabing, "Kasi sa isip ng mga ganyang lalaki, pag-aari lang naman kami ng lalaki. Kaming mga asawa at anak. Hindi yata nakakaintindi 'yang Mamang 'yan na ang kababaihan ay may sariling personalidad, pagkatao" (GMA News, 2019, 2:14-2:27). Kung papansinin, na-objectify masyado sa mga talumpati ni Duterte ang kababaihang Pilipino. Sa mga Youtube videos, makikita kung paano tumatawa ang taumbayan sa mga presidential jokes kung saan iwinawasiwas ang lakas, tapang, at kapangyarihan sa anyo ng titi o phallus.

Malinaw ang pagpapaliwanag ni Morreall (1986): sa pagkakataong ito, ang nagpapatawang si Duterte, sampu ng mga tumatawa o kumukunsinti ay nagpapamalas ng pang-aapi sa mga pinagtatawanang indibidwal. Kinontra ng Duterte *jokes* ang kababaihan gamit ang *phallus.* Madaling ipagtanggol ang impunidad ng kaniyang mga biro hinggil sa simbolismo ng titi, at sabihing "Parang hindi naman ninyo kilala ang pangulo na sadyang mapagbiro" (see

Macasero, 2019, para. 11; Ranada, 2020, para. 4). Sa lipunang Pilipino, tila nakabatay sa kasarian ang kaangkupan ng *tendentious jokes. Cool* ang pagbibirong kabastusan ng kalalakihan, ngunit awkward kapag ginawa ng babae. At nakita na nga kung paano pinapalakpakan ang mga phallic jokes ni Duterte habang naapi ang mga nasa kabilang banda.

Ang ganitong hindi patas na pagtingin sa kasarian sa "kultura ng biruan" ay matagal nang pinupuna. Halimbawa, ayon kay Mike Lloyd (2007) sa kaniyang *The Artful Accomplishment of Humour in a "Dick Joke" Competition*, ang mga biro hinggil sa ari ay nailagay sa tinatawag na *double standard of sexuality* na kung saan sa tuwing mga lalaki ang nagbibiro, positibo ang kahulugan nito at nagmumukha pa silang astig o malakas (stud), samantalang sa kababaihan, madali silang matawag bilang whore o slut (Lloyd, 2007). Makikita ang kaisipang ito sa isang mapanghamak at ilohikal na kasabihang Bisaya na namumutawi hanggang ngayon – "Ang lalaki makulob, mahayang, lalaki kang gihapon [Kapag ang mga lalaki ay nalantad sa usaping sekswal, hindi mababawasan ang pagkalalaki nito ngunit sa kababaihan, maihahalintulad ito sa isang basong kapag nabasag ay mahirap nang ibalik]" (Mercado, 1975, pp. 197-198).

Sa madaling salita, kung susuriin ang lahat ng Duterte jokes, maituturing sila bilang tendentious jokes o obscene jokes at hindi lamang simpleng innocent jokes. Lalo pa't palaging pinagdidiskitahan ni Duterte sa kaniyang mga talumpati ang ari ng babae sa paraang katawa-tawa at sinasabayan ng pagwawasiwas ng kaniyang phallus upang ipamalas ang kaniyang "katapangan" at "lakas." Ang penomenong ito ay bahagya nang naipaliwang sa unang bahagi ng artikulo, at malinaw ang katangian at buod ng kalooban bilang isang ganap na phallocrat. Upang maunawaan ang kaligiran ng phallokrasiya sa politika, maaasahan sa susunod na bahagi ang komprehensibong paglilimi rito.

## Ang phallokrasiya at mga phallocrat

Ayon sa batayang depinisyon ng *U.P. Diksiyonaryong Pilipino*, ang phallokrasiya o phallosentrismo ay tahasang pagsesentro sa *phallus* o titi sa ugali ng kalalakihan (Almario, 2001, p. 676). Kung gayon, *phallocrat* ang tawag sa taong nahuhumaling sa ganitong sistema at kaisipan. Pinamamayani ng phallokrasiya ang androkratiko, patriarkal, at makalalaking pananaw samantalang itinatakwil ang egalitaryanismo o pagtingin sa pagkakapantay-pantay ng kasarian, at iba pang kaayusang panlipunan. Self-centered ang karamihan sa mga phallocrat sapagkat naniniwala sila sa mito ng kaunlaran – na ito'y makakamit lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng, o sa takot sa, kalalakihan. Kaya't karamihan sa mga phallocrat na ito ay kumakatig din

sa *Machiavellian Principle* na "for a ruler, it was better to be widely feared than to be greatly loved" (Machiavelli, 1515/2018, pp. 49-51).

Talamak ang paglitaw ng phallokrasiya lalo na sa panahong post-kolonyal sapagkat ipinamana ng mga kolonisador ang ganoong uri ng ispektakulo sa pamamahala. Sa paunang pagsusuri ng Aprikanong teorista na si Achille Mbembe (1992), liban sa titi o *phallus* ay bibig at tiyan din ang pinapagana ng mga post-kolonyal na lider (Mbembe, 1992, p. 23). Kung babasahin ang kaniyang talinhaga, patriarkal ang simbolo ng phallus samantalang ang bibig ay posibleng ikawing sa mabubulaklak na pangako, galit-galitan/tapang-tapangang pahayag ng mga lider upang makuha ang simpatya ng taumbayan. Gayundin ang tiyan na kumakatawan marahil sa big belly o ang kasakiman sa puwesto at posibleng sa korapsyon na bumubusog sa kanila. Sa lahat ng bahagi ng katawan, ang phallus ang siyang pinakakinasangkapan ng mga autokrat o diktador. Dahil sa "tindig" ng kanilang mga phallus (huwad na kapangyarihan o pekeng tindig) kung bakit sila ay nananatiling nasa posisyon. Ginamit ni Vicente Rafael (2020a) ang isang siping pahayag mula kay Mbembe sa akda nitong *Necropolitics* (2019) upang iugnay ang titi o phallus sa kapangyarihan ng mga autokrat vis-à-vis phallocrat. Ani Mbembe:

> Obscenity is an integral part of the stylistics of power.... The penis [is] a historical phenomenon in its own right.... **The [autocrat] thinks and expresses himself through his phallus....** Without a phallus, the [autocrat] is nothing, has no fixed identity. Thanks to his phallus, the [autocrat's] cruelty can stand quite naked: erect [akin ang diin] (Mbembe, 2019).

Mahalaga ang pagkakahalimbawa ni Mbembe upang ipaliwanag ang pag-iral ng phallokrasiya sa ilang bansa. Isang Aprikano si Mbembe kaya't gamay niya ang kalagayan ng politika at pamamahala ng kaniyang sariling bansa. Talamak sa Aprika ang pamamayagpag ng mga phallocrat. Sa mismong bansang sinilangan ni Mbembe na Cameroon, umiiral pa rin ang *bitocrate* (wikang Pranses na *bite* = titi o phallus, at Griyegong *kratos* = kapangyarihan) (Ndjio, 2012, p. 640, n. 28) sa katauhan halimbawa ng mga pangulong sina Ahmadou Ahidjo at kahalili nitong si Paul Biya na hanggang ngayon ay nasa puwesto pa rin mula pa noong 1982. Sa akda ni Dominic Thomas (2020) na *Nation-Building, Propaganda, and Literature in Francophone Africa*, itinampok niya ang isang hindi gaanong napapansin na nobela ni Sony Lab'ou Tansi (1981) na *The Shameful State* (*L'etat honteux*). Tungkol ito sa piksyunal na karakter ng Aprikanong lider na si Heneral Martillimi Lopez kasama ang binuo niyang "Konseho ng Kabayagan"

(Ministry of Testicles) na naniniwalang ang titi ay hindi simbolo ng paggalang kundi isang kasangkapan sa pamamahala kaya't ang lahat ng kaaway nito ay tinatanggalan nila ng titi upang mawalan ng kapangyarihan (Thomas, 2002, pp. 65-66). Maraming naniniwalang ang nobela ni Tansi ay larawan ng mga kasalukuyang phallocrat ng Aprika, lalo na sa Congo kung saan nagkaroon ng pagbabagong anyo ang simbolismo ng titi – mula sa tradisyonal na gamit nito sa pagbubuo ng salinlahi ay naging kasangkapan na ng seksismong patriarka (Thomas, 2002, p. 64). Katulad din ito ng iba pang Aprikanong lider – Mobutu Sese Seko ng Congo-Kinhasa (Zaire), Jean-Bedel Bokassa ng Central African Republic, at ang kanibal na si Idi Amin Dada ng Uganda (Kombeto et al., 2021, pp. 1510-1512) — na kapwa nagwasiwas ng kanilang mga *phallus* sa politika upang idiyastipika ang phallokrasiya.

Isa pang halimbawa ng phallocrat ay si Donald Trump ng Estados Unidos na mas naunang gumamit ng phallus upang ipangalandakan ang patriarka ng mga Amerikano. May isang pahayag si Trump sa kaniyang kalaban noong 2016 eleksyong pampanguluhan na si Hillary Clinton. Aniya, "Hillary Clinton had been 'schlonged' by Barack Obama" (Neuman, 2016, para. 3). Ang *schlong* ay isang salitang Yiddish[3] na ang kahulugan ay titi. Kinasangkapan ni Trump ang metapora ng phallus upang maliitin ang kakayahan ng isang babae na mamuno ng isang bansa. Sa parehong taon, ibinalik naman kay Trump ni Senador Marco Rubio (ang kaniyang kalabang Republikano) ang phallosentrikong kakayahan sa pamamahala. Ininsulto ni Rubio si Trump bilang huwad na konserbatibo (Levitz, 2016, para. 1), na dahil sa maliit ang kaniyang kamay at daliri ay posible ring maliit ang titi nito (Kreig, 2016, para. 4). Dagdag pa ni Rubio, "you can't trust them" (ang mga taong maliit ang titi) upang panghawakan ang isang bansa.

Patunay ang ilang Aprikano at Amerikanong lider sa pagkasangkapan sa titi upang idiin ang kalakasan at kapangyarihan. Gayunpaman, wala ni isa sa mga hinalimbawa ko ang gumamit ng bayag bilang simbolo ng kalakasan at kapangyarihan. Ano ang layunin at implikasyon kung bakit ko ipinasok ang Aprika at Estados Unidos (lalo na) sa konteksto ng phallokrasiya? Ito ay dahil humahanay sa kanila si Duterte na lantarang kinakasangkapan ang phallus upang kastiguhin at maliitin ang ating kababaihan, pagdidiyastipika sa kapangyarihang patriarka, at pagpapamalas ng kaniyang kalakasan at katapangan.

## Ang phallus ni Duterte

Nauna nang ipinaliwanag ni Vicente Rafael ang phallokrasiya ni Duterte sa dalawang artikulo niya sa *Rappler* (Rafael, 2020a; Rafael, 2020b), at pinalawig pa niya ito sa akdang *The Sovereign Trickster: Death and Laughter in the Age of Duterte* (Rafael, 2021), isang prismatikong pagtingin sa panahon

ni Duterte at ang epekto nito sa kontemporanyong estado ng bansa. Ani Rafael, "merging masculinity with misogyny, Duterte's phallocentric politics is central to his authoritarian imagination, using the image of his penis to put both men and women in their putative places" (Rafael, 2020a, para. 5). Magandang ambag ito upang panimulang tingnan ang pananangkapan ni Duterte sa kaniyang phallus upang ipamalas ang kaniyang natatanging karisma at katapangan. Gayunpaman, dadagdagan ko ang paliwanag ni Rafael hinggil dito at mas itutuon ang tugon sa kung paano sinalungat ni Duterte ang kalikasan, kahalagahan, at katuturan ng mga konseptong taal sa kalinangang Pilipino, nang gamitin nito sa walang kabuluhan o kapararakang phallokrasiya. Dalawang pahayag ni Duterte tungkol sa kaniyang phallus noong 2019 ang nais kong bigyan ng akademikong kritisismo, (1) ang pagmamalaki nito sa phallus na humahabang halos lagpas sa pusod, at (2) ang phallus na hindi nauutugan (hindi na tumatayo o tumitigas) bilang simbolo ng kahinaan.

**1. Phallus at sa kaniyang pusod (2019)**

Nag-iikot noon si Duterte sa iba't ibang lalawigan ng bansa upang ikampanya ang mga napipisil niyang mga kandidato bilang senador. Bago sa Palawan, nagtungo muna ito sa Negros Occidental (Espina, 2019) at pagkatapos sa Palawan, sumunod ang Cagayan (Dullana, 2019). Bagaman maraming napuntahan si Duterte sa magkakasunod na kampanya, Palawan ang pinakatumatak sa taumbayan. Unang ipinamalas ni Duterte ang kaniyang phallus noong 2019 sa isang senatorial campaign rally na ginanap sa Puerto Princesa City Coliseum. Naipasok niya ang usapin matapos niyang kutyain (*ad hominem*) si Atty. Chel Diokno (isang taga-oposisyon at tumatakbo noong senador) bilang mangiping abogado (Ciasico, 2019; Coconuts Manila, 2019) na naging batayan ng kaniyang pagiging mahina at kalauna'y dahilan daw (sabi ni Duterte) ng kaniyang pagkatalo sa halalan. Matatandaang bago pa nito, nauna nang kinasangkapan ni Duterte ang kasarian (tapang ng lalaki kontra tapang ng babae) upang kuwestyunin si Diokno (see Daantos, 2020, pp. 65-66).[4] Ikinumpara pa ni Duterte ang nakababatang Diokno sa kaniyang amang si Jose "Pepe" Diokno na aniya'y mas magaling kaysa sa anak.[5] Mula rito, mababakas ang iba't ibang pagsasalungguhit sa patriarka at kontra-babae o misogynistang mga pahayag: na ang phallus ay sukatan ng pagiging tunay na lalaki (laki ng titi = highly-equipped) (Fiorillo, 2019), na para kay Duterte ay nakaharap pa sa langit at halos "naghahalikan" na ang ulo nito at ang kaniyang pusod. Aniya:

> Sa totoo, **ang lalaki is measured by his character**. Hindi iyon pagwapo tapos wala ka namang (ayoko nang magsalita dito, nandiyan ang boss ko eh). Gwapo-gwapo ka diyan,

> tapos paglabas ng titi, maliit pala. Hindi man ako, una kong sabi rito sa mga. Puta, ayan yan? **Ang liit naman. Ako bigyan ng Diyos ng ganoon kaliit, putulin ko 'yan sa harap ng altar**. Hah. Tangina mo 'yan lang pala binigay mo, putulin na natin. Eh, kung sa dormitoryo nakita riyan kagaya namin. Sa YMCA, wala! Hubad lahat iyan, lakad-lakad ka riyan sa corridor, hubad 'yan. Sinong taga-YMCA dito? Wala 'yan tapis-tapis, tamo, diyan mo makita kapag kaumaga. Ako hindi ako nagyayabang. Mahirap na kasi magyabang kasi. Doon punta ako ng dormitoryo, ang tuwalya ko hindi ko ginaganon [sinasabit-sabit], pinapatong ko tapos lakad ako. **Bilib sila, Putangina Duterte, tigasaway** [tigasin]. Oh may buhay pa ba na taga-YMCA dito sa Pilipinas? Maraming nakikinig ngayon eh. 'Diba pabiliban tayo. Punta ng dormitoryo, nakahubad 'tas nakatuwalya. Ako, Putangina, sige mabilib kayo? Kasi noon, bata pa, nakaharap talaga sa langit halos eh. Pataas man. **Naghahalikan na yung ulo doon sa pusod ko eh.** 'Yun ang binigay. Pasalamat ako sa Tatay ko. **At least pinalabas niya ako sa mundo, highly-equipped**. Noon bata pa kami noong magpunta kami, doon sa mga babae, magtakbuhan. Nagtago. Ayaw namin yan oh, yang payat na yan. Ayaw nang huminto. Lugi sila. [akin ang lahat ng diin] (Peter mark sulit, 2019, 0:05-3:12)

Ang kaniyang pahayag na "ang lalaki is measured by his character" (Peter mark sulit, 2019, 0:06-0:09) at "pagpapaputol sa kaniyang titi sa altar kapag ito ay maliit" ay walang pinagbabatayang kalinangan. Hindi ko rin naman masasabing nakuha ito ni Duterte sa kaisipang Kanluran sapagkat sila mismo ay hindi ginagawang batayan ang laki ng titi upang maging larawan ng kalakasan. Ani Eva Keuls (1993), bagaman ginagamit ng kalalakihang Griyego ang simbolismo ng phallus upang lupigin at daigin ang kababaihan, hindi ito sa pamamagitan ng laki o haba nito. Balikan ang phallicism na maiuugnay sa mga Griyegong phallocrat—ngunit sa antas ng teatro-komedya, tulad nina Dionysus at Hermes (Marra & Clayton, 1993)—kung saan hindi batayan ang laki. Ayon din sa aklat na *In Bed with the Ancient Greeks* ni Paul Chrystal (2016), hindi kadalasan nagiging batayan ng pagkalalaki (virility) ang sukat ng titi. Kung kaya't sa Griyegong komedya, ang pagpapakita ng malaking titi (sa palabas, iskultura, o mural) ay isang tanda ng katangahan at kabaliwan (Chrystal, 2016, as cited in Gotthardt, 2018). Ang mga malaking titi ay para lamang sa mga hayop. Kaya't mula noong 400 BK, naniniwala ang mga Griyego na hindi kailanman sukatan

ng kapangyarihan at kalakasan ang malaking titi. Sa halip, ang maliit na titi para sa kanila ay tanda ng pagiging sibilisado at matalino, at kuna ng naghaharing sibilisasyon (Chrystal, 2016, as cited in Gotthardt, 2018; Men's Variety Staff, 2018). Ito ang dahilan kung bakit hindi gaanong itinatanghal (o maliit nga) ang titi sa mga istatwang Griyego at Romano sa Classical Antiquity.

Kung ihahambing ang Classical Antiquity sa kontekstong Pilipino, magkatulad sila sa pananaw hinggil sa titi na hindi alintana kung ito ba ay maliit. Hindi rin naman taal sa kalinangang Pilipino ang malaking titi. Mas likas na pinahahalagahan ang pag-aalaga rito, tulad ng pagtutuli ng mga Bisaya (Scott, 1994, p. 25) at *maki-banggi* ng mga Ibanag (Gatan, 1981, p. 68), gayundin ang paglalagay ng *tugbuk* o *sakra/sagra* sa titi upang gawing dekorasyon (Scott, 1994, p. 24). Bagaman maaari kong mapagkamalian, sa abot ng aking nalalaman ay walang pagkiling ang etnolinggwistikong Pilipino hinggil sa laki ng titi. Higit nilang pinahahalagahan ang performance. Sa kabilang banda, mayroon para sa bayag, katulad ng mga Sulod ng Panay (see Jocano, 1968) na mas mahalaga para sa kababaihan ang makapangasawa ng lalaking *mahamog* o may malaking itlog o bayag (Jocano, 1968, p. 109). Tanda ito ng pagiging matapang at hindi umuurong sa laban.

Sa kaibahang titi kontra bayag, maaaring ipasok ang kasalukuyang representasyon at pagtingin dito. Posibleng ihambing sa mga binanggit sa itaas na Griyegong iskultura ang bantog na U.P. Oblation Statue (Pahinungod). Ayon sa kasaysayan, orihinal na ipakikita dapat ang titi sa Pahinungod ngunit iminungkahi ng pangulo ng U.P. noon na si Jorge Bocobo na takpan na lamang ito. Hindi katulad ng mga Griyego, hindi pa handa noon ang lipunang Pilipino sa ganitong lantarang pagpapakita dahil sa impluwensiya ng konserbatibong simbahan (Tolentino, 2011). Hanggang



**Larawan 8.** Ang Pahinungod sa U.P. Diliman na nakatakip ang ari (Madarang, 2021).

ngayon, hindi itinatanghal ang titi ng Pahinungod (Larawan 8) sapagkat simbolo ito ng paghahandog ng sarili sa Inang Bayan para sa kapakanan at ikaiibayo ng kasarinlan at kalayaan sa lahat ng larangan, partikular na sa pagpapaibayo ng agham at kalinangan (Salazar, personal communication, 2022).

Mahalaga ang U.P. Oblation Run sa usaping ito upang sagutin ang walang batayang kalinangang pagwasiwas sa "highly-equipped" na phallus ni Duterte. Wika ni Reuben Cañete (2014) sa akda niyang *Masculinity, Media, and Their Publics in the Philippines,* ang pagtakbo ng mga lalaki sa U.P. Oblation Run ay isang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan at pagpapamalas ng nasyonalismo (pp. 140-161). Bagaman nakahubad at kitang-kita ang kanilang mga titi, ayon sa mga nanonood ng Oblation Run, malambot (hindi nila pinatitigas) at hindi nakatayo ang mga ito habang tumatakbo. Kahit sabihin ng nakararami na ang mga titi nila ay maliit o *juts, jutay, o kikiam,* at hindi umaabot sa pusod na katulad ng sinasabi ni Duterte, hindi ito mahalaga para sa mga tumatakbo. Sa halip ay tiningnan nila ang simbolismong ito bilang tanda ng katapangan, na siyang malayo sa katatawanan at walang kabuluhang pahiwatig ni Duterte sa kaniyang mga talumpati.

Itinampok din ni Duterte na "naghahalikan na yung ulo doon sa pusod ko" (Peter mark sulit, 2019, 0:25-0:28). Sa bahaging ito, nais kong ipaliwanag sa dialektikal na paraan ang paggamit ni Duterte sa pusod. Bagaman sa unang sipat, posibleng segue, palamuti, o overreading ang pagtingin na ito sa kaniyang pahayag, mahalaga pa ring makapaghawan ng ilang posibilidad hinggil sa kung bakit niya idinamay ang pusod sa kaniyang phallokratikong biro. Anong klaseng pusod ba ang kaniyang tinutukoy? Anong uri ba ng pagpapakahulugan sa pusod ang nais niyang tumbukin?

Bilang tesis, maaaring isipin na ang pusod ni Duterte ay nakaumang sa negatibong konotasyon. May ilang pakahulugan sa ibang kultura na ang labis na pagtatampok at pagtatangi sa pusod ay senyales ng kahambugan, kayabangan, at pagiging makasarili (self-centered). Sa mga sinaunang Griyego mayroon silang tinatawag na *omphaloskepsis* o navel-gazing o pagtingin/ pagyuko ng ulo sa pusod bilang tanda ng meditasyon at pagninilay-nilay o pagtatanong. May pagkakahalintulad ito sa *yoga* o meditasyong Hinduismo na tinitingnan ang pusod bilang lundayan ng *chakra* (Meadow, 1993, p. 72) na madalas namang nakakawing sa masinsinang pag-iisip. Ngunit noong dekada 1990s, ang kahulugan ng *navel-gazing* na tumutukoy sa mga taong labis ang kabiliban sa sarili ay pumaibabaw. Dahil nakayuko siya, wala siyang ibang nakikita — hindi ang mga taong nasa paligid — kundi ang sarili (McMahon, 2022). Kung ilalapat ito sa kulturang Pilipino, maihahalintulad

ang navel-gazing sa nakapamewang na posisyon na may indikasyon ng kabastusan at kayabangan sa lipunang Pilipino.

Para sa anti-tesis kung gayon, posibleng tingnan ang positibong konotasyon o mataas na pagpapahalaga ng ilang lipunan sa pusod bilang bahagi ng kanilang communal ethos. Ang pagpapahalagang ito ay laganap sa lipunang Pilipino at Austronesyano. Sa katunayan, ang naging pahayag ni Duterte hinggil sa pusod ay paglabag sa magandang asal ng ating lipunan.

Una, mahalaga ang pusod sa pag-uugnay ng pamilya at maging ng bayan (*banwa*). Ang pusod ay nag-uugnay hindi lamang sa mga ina at anak kundi maging sa magkakapatid. Maiuugat pa ang ganitong pagpapahalaga sa mga ninunong Austronesyano na malayuang naglakbay mula sa Timog Silangang Asya hanggang Madagascar, Aprika, at buong Karagatang Pasipiko sa Silangan (Rapa Nui o *Easter Island* at Polynesyang Pranses), at may kaisahan at ugnayan sa Pilipinas pagdating sa linggwistika, genetika, at mga paniniwalang pangrelihiyon (Lasco, 2015; see Salazar, 2006). Isang magandang halimbawa rito ang Madagascar kung saan ang etnolinggwistikong pangkat ng Temanambondro na nakatira sa Ilog Manambondro sa baybaying dagat ng Timog Silangang Madagascar ay naniniwala sa paglalagay o pagtatapon (*fañariana tadim-poitra*) ng *foitra* (pusod o *umbilical cord*) (Larawan 9) sa ilog sapagkat ito ang mag-uugnay sa bata at pook na sinilangan nito. Kung minsan, ang foitra, kasama ng *razana* (ninuno) o bahay-bata *(placenta*) ay ibinabaon ng ama sa lupa (Thomas, 2006) nang sa gayo'y bumalik sa sariling bayan ang bata sa oras ng kaniyang paglaki.



**Larawan 9.** Representasyon ng paglilibing ng *foitra* (umbilical cord) ng bagong silang na sanggol ng mga Malagasy. Mapapansin na gawaing panlalaki ito (Whipple, 2021).

Gayundin ang mga taga-Rapa Nui na naniniwala sa *Te Pito-te-fenua* (umbilical cord of the land) na sila ay nagmula sa Inang Lupa ng mga Maori sa bahagi ng New Zealand (see Smith, 1910, p. 172). Sagisag ng koneksyong ito ang *umbilical cord* na kanilang tinatanggal sa bata, kasama ang ilang buhok (*Rapa Nui*). Katulad ng taga-Rapa Nui ang koneksyon ng mga Tuawhenua, na nasa Ruatahuna-Te Urewera, New Zealand. Mahalaga ang *pito* (umbilical cord) para sa mga Tuawhenua (taong tumubo) sa kanilang sariling lupa (*whenua*) sapagkat ang *whenua* mismo ay tumutukoy din sa pagsisimula ng buhay at koneksyon ng ina sa mga anak (The UNESCO Courier, 2019, p. 23). Kahit saan sa mundo manganak ang kababaihang Tuawhenua, ang kanilang *placenta* at *pito* ay ibabalik at ibabalik sa *Papatranaku* (Inang Bayan) (The UNESCO Courier, 2019, p. 23).

Kabilang ang mga Pilipino sa grupong Austronesyano kaya't malaki rin ang ating pagpapahalaga sa pusod (*umbilical cord*). Sa hilagang bahagi ng Pilipinas, halimbawa, sa *ili* (bayan) ng mga Igorot, mahalaga ang pagputol ng pusod at pagbaon ng *placenta* sa lupa (*naikautan di puseg*) upang makabalik sa *nay-anakan* o pook-sinilangan o *binma-degan/dinmakdake-an* (pook-kinalakihan). Ang pagbabalik sa bayan o *panudian/pantauli-an* sa tulong ng pusod ay paraan upang lingunin hindi lamang ang bayan kundi maging ang mga kababayan o *kaidian/kailian* (Adonis, 2011, pp. 138-139). Samantala, ganoon din sa katimugang bahagi ng Pilipinas. Halimbawa, kilala ang mga Tausug sa *paggunting* o pagbabaon at pagpuputol ng pusod at placenta at kung minsa'y isinasabit pa ito ng ama sa mga puno (Ewing, 1958, p. 35).

Kung papansinin, isang egalitaryadong gawain o katuwang na responsibilidad ng babae (ina) at lalaki (ama) ang ritwal at pagsasalansan sa umbilical cord sa mundong Austronesyano. Ina ang magluluwal sa batang karugtong na pusod, samantalang ama ang siyang magtatago o maglilibing dito. Tungkulin ng ama na ituro sa anak kung saan siya magbabalik sa takdang panahon.

Makikita rin ang pagpapahalagang *pusod-pamilya-bayan* maging sa mga epikong Pilipino. Isang magandang halimbawa rito ay ang epikong *Hinilawod* ng Panay, Bisayas. Ang bayaning si Labaw Donggon ay nagkaroon ng dalawang anak na lalaki sa magkaibang babae, si Buyung Baranugon sa asawa nitong si Anggoy Doronoon, at si Aso Mangga (Managa) kay Anggoy Ginbitinan (see Jocano, 1964; Jocano, 1984). Si Aso Mangga ay isang higanteng hindi pa natatanggalan ng pusod (Tuazon & Medina, 1974, p. 31). Sa paglabas ng dalawang anak, hinanap nila si Labaw Donggon kay Saragnayan, Diyos ng Kadiliman, na may kagagawan sa pagkawala ng kanilang ama. Tinalo ni Aso Mangga si Saragnayan dulot ng pagmamahal

nito sa ama, na siyang kinakailangang pumutol sa pusod ng anak upang makabalik sa banwa.

Makikita sa mga halimbawa ang lalim at lawak ng konsepto ng pusod na nilapastangan ni Duterte sa kaniyang mga biro – ang pusod na pinaghihiwalay upang magkaroon ng hiwalay na buhay ang tao. Kaya't malalim din ang dalumat ng salitang *kapatid* (ka-patid; patid = kahati); *kaputol* (ka-putol; *utol* o *Tol*); at *kabsat* (Ilocano ng kapatid) bilang magkasangga, magkadikit, at magkadugo sa iisang ina. Naging mahalaga ang pusod sa kapatiran. Sa kulturang Pilipino, ang kapatiran bilang social movement ay nakaumang pa rin sa kasaklawan ng pagiging pamilya o kadugo (para sa Inang Bayan). Sa kasaysayan, naging makabuluhan ang pagtawag ni Andres Bonifacio at ng KKK sa lupang tinubuan bilang Inang Bayan samantalang kapatid para sa mga kapwa kasama sa Katipunan. Halimbawa rito ay ang kasulatan ng panunumpa:

> Nanunumpa sa ngalan ni Bathala at Bayan na aking ipagtatanggol nang walang karuwagan ang mga layunin ng Kataastaasan, Kagalang-galangang Katipunan (KKK) ng mga Anak ng Bayan. Aking iingatan ang kaniyang lihim, susundin ito ng pikit-mata, aking sasaklolohan ang **lahat ng mga kapatid sa lahat ng kagipitan at panganib.** Nanunumpa at nangangako ako na buong pusong kikilalanin ang ating pinuno. Hindi ko kailanman ipagkakanulo ang lahat ng kautusan at habilin ng Katipunan. Kung kaya't tatalaan ng aking dugo ang kasulatang binuo sa aking hinaharap. Sa pakikibaka ay kikilalanin akong si (*nom de guerre*) [akin ang diin] (Dalena & Lluch Dalena, 2014).

Malaki ang pagtatangi ni Bonifacio sa kababaihan nang idiin niya ang konseptong "Anak ng Bayan" na nakadikit sa "Inang Bayan" (Nunag 2014, p. 103) o "Inang Bayang Tinubuan" (Guillermo et al., 1998, p. 97). Naniwala si Bonifacio at ang Katipunan na kailangang humiwalay ng Katagalugan, sa anyo ng Inang Bayan, mula sa Madre España na "Mapagpanggap na Ina" o "Nag-aangking Ina" (Nunag, 2014, p. 103; see also poems of Procopio and Andres Bonifacio in Ileto, 1998, pp. 48, 54). Ang tunay na Inang Bayan ay hindi gumagawa ng karumal-dumal sa kaniyang mga anak kaya't nagtatag ng bagong kaayusan ang Bayang Katagalugan bilang isang sosyo-politikal-kultural na tahanan ng mga taong "tumubo" (mga kapatid) sa sangkapuluan na mayroong banal at marangal na hangarin para sa bayan (Chua, 2014, p. 79). Magkakaroon lamang ito ng tagumpay kung mayroong pusod o umbilical cord na magdudugtong sa lahat ng kapatid sa Inang Bayan.

Gawain ito ng mga kapatid na nagtipon-tipon at pinagtipon-tipon upang mabawi ang kanilang pinagmulang ina.[6]

Samakatuwid, ang kabuuan ng pagpapakahulugan ni Duterte ay nagpunla ng bagong paniniwala (world-view) ng mga tagapakinig hinggil sa pusod. Ang phallus na halos lumagpas sa pusod ay sumagasa sa kapwa negatibong pananaw (i.e., navel-gazing) at positibong pananaw (i.e., pandugtong sa pamilya at bayan) hinggil dito. Sa halip na matutuhan ng taumbayan ang malalim na dalumat ng pusod sa konteksto ng kalinangang Pilipino, dahil sa birong ito ni Duterte ay lumihis at lumayo pa tuloy ang kaalaman ng bayan hinggil dito. At dahil maimpluwensiya siyang tagapagsalita, malamang sa malamang ay mayroon na sa ating naniniwalang indikasyon ng tunay na lalaki (virility) ang highly-equipped na titi o titi na lagpas ng pusod. Bilang resulta, mas lalo nitong pagtitibayin ang phallokratiko at patriarkang paniniwala.

**2. Phallus at ang utog**

Noong 2017, maaga nang naririnig sa presidential speeches ni Duterte ang panaka-nakang pagbanggit sa titi bilang bahagi ng kaniyang biro. Inihayag ni dating Senador Francisco Tatad sa kaniyang kulumna na may karamdaman si Duterte (hinihinalang kanser) kung kaya't nagtungo ito sa *Fuda Cancer Hospital* sa Guangzhou, China. Pinabulaanan naman ito ni Duterte (see Tatad, 2017). Sa isa niyang talumpati (*Duterte: I don't have cancer,* 2017) sinabayan pa niya ang pagtanggi ng isang *ad hominem* kung saan unang kinasangkapan ang titi bilang bahagi ng pahayag:

> [P]umunta daw ako ng China, nagpagamot ako. Sa inis ko sabi ko, pumunta ako ng China, totoo 'yan! Nagpahospital ako, **nagpatuli ako ulit**. Kasi yung **tuli ko** noong Grade 3 lang ako, ganun naman (pinupokpok). **Pinalinis ko para round talaga**. Tatad, **baka ikaw yung supot** [akin ang lahat ng diin] (News5Everywhere*,* 2017, 1:31-1:58).

Pagkalipas ng dalawang taon, muling sinagot ni Duterte si Tatad. Naganap ito noong 2019 habang nangangampanya ang PDP-Laban sa South Cotabato (Pinas News, 2019). Muling pinasaringan ni Duterte si Tatad at idinawit pa ang asawa nito sa mapanikil at hindi nakakatuwang biro sa kababaihan. Giit ni Duterte, malaki ang kaibahan ng press freedom sa pambabastos ng tao (na kung tutuusin ay isang kabalintunaang pahayag). Katulad noong 2017, hindi nawala sa bibig ni Duterte ang paghahalimbawa nito sa phallus upang ipamalas ang para sa kaniya'y isang kalakasan at katapangan:

> Sabi niya naoperahan daw ako sa kidney tapos ganoon, tapos may cancer daw ako. Araw-araw niyang sinusulat 'yun sa column niya. Ako naman sa katagalan, nagduda na tuloy ako kung mayroon. Kaya bago pa ako maligo, hinahawakan ko puwit ko, inaamoy ko. Amoy igit pala ito. Malaman mo naman cancer kasi… You know, cancer simply means your body is rotting. Your body is eating itself. Gayun yan eh sirain niya muna tapos papasok na immune system mo, pasok na bacteria saka birus [virus] kaya ka nagka-cancer. Ikaw putangina ka Tatad. Ikaw Tatad. Ang sakit mo alam ko at kilala ko doctor mo. Sabi niya ikaw may advanced na ang diabetes mo. Kaya sabi niya, Tatad – o, 'di na **mautugan (sabay taas ng mikropono)** [mahabang katahimikan]. Ang may diabetes na tao ay **ganun na (hindi na tumatayo) (binaba ang mikropono)** [akin ang lahat ng diin] (Pinas News, 2019, 0:08-1:42).

Mula sa siniping pahayag, ginawa muling katatawanan ang utog (mautugan = tinigasan) upang ilarawan ang kahinaan o kawalang kakayahan ni Tatad. Gayunpaman, ang tila pagkakagamit ni Duterte sa utog ay nakapako o nalimita lamang sa pagtigas ng titi, at wala nang iba pa. Kung tutuusin, isang malalim na pagdadalumat ang konsepto ng utog sa kalinangang Pilipino. Halimbawa, sa aking naunang sikolinggwistikang pananaliksik na *Isang Semantikong Pag-aaral sa Ligaya at Libog sa Kalinangang Pilipino* (Tugano, 2021b), kinumpuni ko ang labindalawang wikang etniko na maitutumbas sa salitang ligaya at libog. Partikular sa libog, katumbas nito ang salitang *uttog* (Ilocano); *utog* (Cebuano, Hiligaynon, at Romblomanon [*uyag* din]); *magattog* o *maguttog* (Ibanag); at *urag* (Bikol)/*kaurag* (Waray).[7] Sabi ng iba, magkaiba ang libog at utog (nalilibogan pero hindi nauutugan), ngunit, gamit ang mga nakuhang katumbas sa mga wikang etniko at kung tuluyang ididikit ang konsepto ng utog sa libog, nawalan ito ng kabuluhan sa mga pahayag ni Duterte. Mahalaga ang libog sa mga Pilipino.

Liban pa rito, likas din ang libog bilang talino, abilidad, at personalidad (halimbawa, ang *oragon* o *makaoorag* ay matapang o palaban, see Doyo, 2020). Salungat sa pahayag ni Duterte hinggil sa utog na nakaumang sa titi o phallus, mas pinaniniwalaan ko ang utog = libog, na larawan ng talino, abilidad, personalidad, katapangan, at pagiging palaban, at mas nabubuo at nagsisimula sa bayag. Sa bayag nakalagak ang semilyang nagbibigay ng panibagong buhay, sa malaong pagbuo ng bata sa sinapupunan (placenta) na lalabas na karugtong ng pusod (umbilical cord) ng kaniyang ina. Kung gayon, may nakalagak ding ginhawa sa bayag, dahil ayon kay Salazar (1977),

ang ginhawa ay isang espiritu at kabuuran ng buhay o pinakasimulain ng buhay. Isa ang ginhawa (*kinaayo*), kasama ng buhay (*kabuhi*), at dangal (*dungog*), sa bumubuo sa tinatawag nating *Kaloobang-Bayan* (see Villan, 2009; Villan, 2021, pp. 32-33) na mga nagiging gabay upang maunawaan ang sikolohikal na halagahin ng pagkalipunang Pilipino. Katulad ng ginhawa ang *dungan* na pumapaloob sa larangang biolohiko-pisyolohikal ng loob o *buut* (see Villan, 2013a, pp. 60, 64). Sa dungan namamahay ang (1) lakas ng loob (*kusog*); (2) tapang (*isog* = *maisog*/matapang); at (3) talino (*kinaadman*)—na mga indikasyon ng taong may bayag. Gayunpaman, hindi pa rin isinasantabi ang kahalagahan ng titi sa prosesong ito dahil manipestasyon ito ng niloloob. Mas panloob ang bayag samantalang ang titi ay panlabas. Angkop ang huli sa labas o *lawas* sa Hiligaynon (Villan, 2013b, p. 75; see also Gealogo, 1994) sapagkat ito ay tumutukoy mismo sa katawan at labas ng tao. Mula sa *lawas* ang *panghilawas* o labis na pagkahilig sa sex at *lawasnon* o pagkahumaling sa mga materyal na bagay at kamunduhan (Villan, 2013b, p. 73). Kaya't dito natin mauunawaan na ang titing utog—sa kahulugan ni Duterte—ay walang saysay kung panay panghilawas o lawasnon lang ngunit walang pagpapahalaga sa loob o ang bayag na luklukan ng lakas, tapang, at kapangyarihan. Ibig sabihin dapat nagtatalaban at korelatibo ang daloy ng labas at loob.

Kaya nga't walang nabubuong ginhawa at nababagabag ang kaluluwa–nawawalan ng bait o sira ang ulo (see Salazar, 1977) ang sinumang puro panlabas ang pinapagana. Isang halimbawa rito ang phallus na ginagamit sa panggagahasa, pambabastos ng mga babae, o kasamaan (na larawan ng kawalan ng ginhawa at kaluluwa) ngunit walang bayag upang harapin ang responsibilidad o pananagutan. Kung gayon, karamihan sa mga *phallocrat* at kanilang ibinabanderang phallokrasiya ay hindi kakikitaan ng dungan, o ng Kaloobang-Bayan sapagkat pinatitingkad nila ang sariling interes, pang-aapi o pananamantala, hindi wastong tindig at pananalita, pangunguna sa diskriminasyon, sexismo, rasismo, kultura ng impunidad, at iba pang negatibong kaugalian na labas sa dalumat ng taong may ginhawa at kaluluwa.

Ayon kay Zeus Salazar (2008), ang libog o *urag/ulag* (*oragon* sa Bikolano) ay ugnayan ng magkapwa at anyo ng pakikipagkapwa, na mula sa pananaw ng dalawang tao (magsing-irog, kabiyak, o kalaguyo) o sa pananaw ng lipunan at kalinangan ng kabuuang kinabibilangan (Salazar, 2008, pp. 20-21).


## Leyenda at tradisyon: Boto ni kurakog o pitoy ni Hudas?

Maraming mga kuwento at salaysaying bayan sa Pilipinas ang direktang tumuon at nagtampok sa phallus (phallic geoscapes), kung kaya't kailangan natin itong kumpunihin sa hinaharap nang sa gayo'y madukal natin kung

paano ba talaga ito binibigyan ng pagpapakahulugan at kabuluhan. Kabilang dito ang isang leyendang Bikolano at isang inimbentong tradisyon ng mga Antiqueño. Ang una ay naghayag ng kuwento tungkol sa pinagmulan ng isang islang hugis titi sa karagatan samantalang ang ikalawa ay tungkol kay Hudas Iscariote.



**Larawan 10.** Higanteng Titi sa Sumaguing Cave, Sagada, Mountain Province. Kuhang larawan ng may-akda (2011).



**Larawan 11.** Higanteng Puki sa Sumaguing Cave, Sagada, Mountain Province. Kuhang larawan ng may-akda (2011).

Sa kalikasan ng Pilipinas, kapag mayroong di-sinasadyang hugis o istruktura ng titi o phallus ay kaagad itong nadidikitan ng mga kuwento. Halimbawa nito ang nasaksihan kong mga *stalactite* at *stalagmite* sa Sumaguing Cave, Sagada, Mountain Province. Makakita sa tinatawag nilang *Porn Cave* ang isang dambuhalang titi (Larawan 10) at puki (Larawan 11). Bagaman walang pinagbabatayang dokumento, naniniwala ang ilang katutubo na mag-asawa ang dalawang ito. Sila raw diumano ang ama at ina ng kuweba na nagluwal ng maraming anak na kanilang mga ninuno.

Sa bayan ng aking paternal na angkan sa Virac, Catanduanes, matagal ko nang naririnig sa mga kamag-anak ang tungkol sa bundok na hugis *tuge/ tugi* (Bikol-Catanduanes para sa titi). Ang tinutukoy pala nila ay ang Boto ni Kurakog (Larawan 12) na isang maliit na isla sa bayan ng Bagamanoc (Espiña, 2019). Litaw ang hugis-titi nito kaya't tinawag din ito bilang Fertility Island. Katulad ng mga tipikal na leyenda, maraming bersiyon ang naglalahad sa pinagmulan ng bato. Heto ang isa: ang higanteng si Kurakog ay nagkagusto sa isang mortal na dalagang taga-Bagamanoc na si Kalarab (see Clark, 2018) ngunit dahil sa hitsura ni Kurakog, tumutol dito ang mga magulang ni Kalarab. Hindi nasiyahan ang dalaga sa desisyon ng kaniyang mga magulang kung kaya't kinitil nito ang sariling buhay. Noong nalaman ni Kurakog ang sinapit ni Kalarab, lubos niya itong dinamdam at malao'y nagpakamatay na rin. Sa oras ng kaniyang kamatayan, tinangay ng alon ang katawan ni Kurakog. Naglaho ito at tanging natira ay ang titi nito (na naging islang 5 metro *above sea level*) at binansagan ngayong Boto ni Kurakog (Clark, 2018; Espiña, 2019).




**Larawan 12.** Ang *Boto ni Kurakog* sa Catanduanes (Espina, 2019).

Hindi ako nakasisiguro kung si Kurakog na may Boto at ang mitikal na higanteng si Kulakog (na nasa Bikol din) ay iisa. Ayon kay Jordan Clark (2018), extraordinaryo ang titi ni Kulakog. Noong sinalakay ng mga Moro ang Bikol, kumuha sila ng mga bihag na magiging bahagi sana ng kanilang paggawa. Isa sa mga bihag ay ang ina ni Kulakog na noo'y sinasakay na sa barko. Dahil sa higante si Kulakog, nakikita niya ang mga Moro kaya't pinahaba nito ang kaniyang titi. Natakot ang mga Moro sa sigaw at titi ni Kulakog, dahilan upang sila'y umalis at iwan ang mga bihag. Mula sa kinalulugaran ng ina, kasama ang iba pang mga bihag, tumawid o ginawa nilang tulay ang titi ni Kulakog upang makabalik sa kanilang tahanan (Clark, 2018).

Hindi hamak na mas kilala naman kina Kurakog at Kulakog si Hudas Iscariote sa mga kuwentong titi. Bata pa lamang ako, naririnig ko na ang kuwento tungkol kay Hudas kasama ang iba pang mga disipulo ni Hesus. Patungkol ito sa kaniyang bayag na simbolo ng hindi pagsunod at pagsuway sa utos ng kaniyang Diyos:

> Isang araw, tinipon ni Hesus ang kaniyang mga disipulo upang pumunta sa bundok. Sa unang utos, sinabi ni Hesus na pumulot sila ng isang malaking bato bago umakyat ng bundok. Lahat ay kumuha ng malalaking bato liban kay Hudas na kumuha ng maliit na bato dahil madali raw bitbitin pataas. Kinalauna'y nasa tuktok na sila ng bundok at sinabi ni Hesus na ang lahat ng batong kinuha nila ay gagawing tinapay. Dahil sa maliit na bato lang ang kinuha ni Hudas, hindi siya nabusog. Sa ikalawang utos, nagwika si Hesus na pumulot ng maliit na bato. Muling inakala ni Hudas na gagawin itong tinapay kaya't pumulot siya ng malaki. Kinalauna'y nagwika si Hesus na ang batong napulot nila ay itatapon sa kabilang bundok. Hindi maibato-bato ni Hudas ang hawak niya sapagkat mabigat. Sa huling utos, pinakuha sila ng dalawang batong pantay ang sukat at bigat. Ang tusong si Hudas ay kumuha ng isang maliit at isang malaking bato – upang sigurado aniya sa tinapay na kakainin o maliit na batong itatapon muli. Pagkatapos nito, nagwika si Hesus na **ang lahat ng nakuha nilang mga bato ay gagawing bayag. Nagulat si Hudas kaya't hindi pantay ang kaniyang bayag** [akin ang diin] (R. Tugano & E. Joaquin-Layante, personal communication, circa 2000/2001).[8]

Bukod sa kuwentong katatawanan, inilagay din ang phallus ni Hudas sa isang ritwal o tradisyon. Kilala sa Antique ang pagpaparada sa effigy ni Hudas Iscariote (Larawan 13) tuwing Sabado de Gloria ng Mahal na Araw. Sa pag-aaral ni Rosario Cruz-Lucero (2006) na "Judas and his Phallus," komprehensibo niyang tinalakay ang nagaganap at paniniwala sa nasabing tradisyon.[9] Ang ritwal na pagbibitay at pagsusunog sa effigy ni Hudas ay laganap sa Ilocos, Laguna, Bulacan, at ilang bahagi ng Kabisayaan. Ngunit, natatangi ang Barangay San Pedro sa Antique sapagkat may phallus ang binibitay at sinusunog na effigy (Cruz-Lucero, 2006, p. 47). Ang buong katawan ni Hudas Iscariote ay gawa sa sunugin o liyabing mga materyales at kinapapalooban ng mga paputok. Sa parteng ulo nito ang pinakamaraming paputok at may mga nasa katawan din, ngunit nasa bayag (na hindi pantay)



**Larawan 13.** Representasyon ni Hudas Iscariote na may pagtatampok sa kaniyang *phallus* o *pitoy* (Ichimura & Severino, 2020).

ang pinakamalakas na paputok. Sa oras na sindihan si Hudas, ang buong katawan nito ay maglalaho o maaabo, liban sa isang bagay na babagsak sa lupa – ang kaniyang phallus na gawa sa nililok na kahoy (Cruz-Lucero, 2006, pp. 49-50). Sa oras na bumagsak ang phallus, magpapaunahan ang mga tao na makuha ito para sa papremyo at iba pang paniniwala.

Ano ngayon ang kinalaman nina Kurakog/Kulakog at Hudas Iscariote sa dalumat ng phallokrasiya? Kapwa naglaho ang katawang tao nina Kurakog at Hudas — inanod ang una at nasunog ang ikalawa — ngunit natira ang kanilang mga *boto* o *pitoy*. Kapwa rin nawala ang kanilang mga bayag, bagaman hindi ito nangangahulugang mawawalan ng saysay at halaga ang kanilang mga natirang titi. Naipaliwanag ko na rin sa itaas kung gaano kalalim ang pagpapakahulugan sa bayag bilang simbolo ng tapang, lakas, at kapangyarihan. Naging alternatibong dulog ang titi upang mapaghambing at maihanay ang mga phallocrat sa mga leyenda at tradisyon. Sa simbolikong pagbasa, hindi maaaring maging si Kurakog o Kulakog ang phallocrat. Halimbawa, kahit na isang higante si Kurakog, mayroon pa rin itong damdaming tao (malapit sa pagiging tao). Ang kaniyang kabiguan sa pag-ibig, sakit na nararamdaman, at kagustuhang mamatay ay isang reaksyong nakapaloob sa dominyo ng isang karaniwang tao. Ang kaniyang *boto* ay naging simbolo ng walang kamatayang pagmamahal (endless love) para kay Kalarab (Clark, 2018). Gayundin si Kulakog na dahil sa napakahaba niyang *boto,* nagawa nitong sagipin ang ina at bayan at labanan ang mga Morong sumalakay at nagbanta sa kanilang buhay. Ang boto nina Kurakog at Kulakog na nagamit sa lakas, tapang, at kapangyarihan ay larawan ng pagmamahal, higit sa lahat para sa kababaihan—sa dalaga at sa ina.

Gayunpaman, may isang kuwento ang mga Bikolano tungkol sa bayag. Mayroong mitikal na nilalang na kung tawagin ay *Tambaluslos* (Larawan 14) na isang lalaking maitim, payat, mahahaba ang biyas, malaki ang labi, at higit sa lahat ay nakatindig ang titi at ang bayag nito ay nakasayad sa lupa (Clark, 2018). Dahil sa kaniya kaya luslos ang tawag sa mga lalaking sobrang nakalaylay ang bayag. Hindi tulad nina Kurakog at Kulakog, hindi ginamit ng Tambaluslos ang kaniyang titi sa kabutihan bagkus sa pananakot at pang-aapi. Pinananakot niya ang kaniyang nakatindig na titi sa mga naliligaw na tao sa kagubatan.[10] Katangi-tangi naman ang bayag na nakasayad sa lupa na simbolo sana ng kababawang loob at hinahon (ang paang nakatapak sa lupa = kabutihan) ngunit mas pinairal ng Tambaluslos ang kaniyang titi sa kasakiman.



**Larawan 14.** Ang Tambaluslos na may malaking titi at sumasayad ang bayag sa sahig (Clark, 2018).

Samakatuwid, si Hudas Iscariote (sa pitoy) ang malapit na representasyon ng mga phallocrat sa daigdig. Naglaho ang lahat kay Hudas, lalo na ang bayag nang sumabog ito. Ang pagsabog ay malinaw na manipestasyon ng karuwagan at kawalan ng lakas, tapang, at kapangyarihan. Maging ang mga bahagi ng katawan nito na sana'y lagakan ng ginhawa, dungan, at ng mga Kaloobang Bayan ay naglaho kasama ng kaniyang bayag. Ngunit ano ang itinira? Ang kahoy na pitoy na pinag-aagawan at ikinakatuwa ng taumbayan. Natutuwa sila sa phallus na wala namang bayag. Katulad ito ng kung paanong sa kabila ng mga misogynistang pahayag kontra sa kababaihan ng mga Duterte jokes gamit ang retorika ng phallus — na isang indikasyon ng taong walang bayag

—ay pinagkakaguluhan at pinagtatawanan natin sila. Ang pagyurak sa puri ng kababaihan, ayon kay Andres Bonifacio, ay kawalan ng lakas, tapang, at kapangyarihan ng isang lalaki. Liban sa kaniyang pitoy, si Hudas Iscariote mismo ay maaari rin maging representasyon ng karamihang phallocrat sa Asya, Aprika, Europa, at Amerika. Kilala sa kasaysayan si Hudas na isang traydor — ipinagkanulo niya si Hesus sa Sanhedrin kapalit ang tatlumpung pirasong pilak. Kaya't angkop lamang na bayag at hindi pitoy ang pinapasabog sa ritwal ng mga taga-Antique dahil kawalan ng bayag ang pagtatraydor kay Hesus (o sa bayan), at phallus ang iniharap kay Hudas bilang simbolo ng tapang-tapangan sapagkat nasa likod niya ang Sanhedrin na "aagapay" sa kaniya. Sa post-kolonyal na lider ng mga bansa sa daigdig, marami sa kanila ang mga phallocrat na sukdulang ipinagyayabang at iwinawasiwas ang "lakas," "tapang," at "kapangyarihan" sa anyo ng kanilang mga phallus at phallokrasiya. Ngunit wala naman silang mga bayag upang ipagtanggol ang sariling bayan sa banta ng neokolonyalismo, diskriminasyon, rasismo, pang-aagaw ng ibang bansa sa ibang teritoryo, at kakulangan ng pagkamahinahong damdamin at pananalita. Sa halip ay nagpapakatianod sa kapangyarihan ng pang-aapi, pagyurak, at pananamantala sa mga walang kalaban-labang sambayanan.

## Kongklusyon

Mahinahon ngunit kritikal kong pinuna at sinuri ang ilang phallokratikong pananangkapan ni Duterte sa kaniyang mga presidential jokes na labis na nakasagasa sa mga konseptong taal sa ating kalinangan. Mula sa mga misogynistang biro laban sa kababaihan hanggang sa pananangkapan sa dalumat ng pusod, utog, at iba pa gamit ang phallus at phallokrasiya, lumalabas na wala itong sinasandigang batayang kalinangan. Upang salungatin ang mga Duterte jokes na may kinalaman sa phallus, inihabla ko ang mga seryoso at makabuluhang pagtinging kultural at historikal sa kaniyang pananangkapan, halimbawa sa pusod at utog na kapwa mahalaga sa lipunang Pilipino. Hindi ito lunsaran ng kapaparakan at mga walang kabuluhang pahayag, sapagkat ang mga konseptong nilalapastangan ay mga konseptong totoong taal ng tapang, lakas, at kapangyarihan ng mga Pilipino.

Karamihan sa mga phallocrat na katulad ni Duterte ay nakakulong sa haraya na makukuha mo ang loob ng bayan kung ikaw ay matapang, malakas, at makapangyarihan, at ang harayang ito ay inaakala nilang madadaan sa phallus at phallokrasiya. Hindi ko inaalis ang katotohanang nagtatagumpay ang ilang politiko rito. Napatunayan sa maraming bansa, na nadadaig ng walang alam, korap o tiwali, ngunit matapang magsalita, nagpapatawa ang mga oposisyong mababait, mahinahon, edukado, at makatao (sa India, halimbawa).[11] Para sa ilang taumbayan, ang ikalawang

uri ng politiko ay bobo at mahina, na dulot ng cancel culture na umiiral sa kasalukuyan. Sa ilalim ng cancel culture, naisasakripisyo tuloy ang pinag-aralan, pinagkakadalubhasaan, o merito ng isang ideyal na politiko sapagkat ayon sa dikta ng mga strong man, ang mga ito ay hindi na kailangan at hindi na ito tumatalab ngayon. Gayunpaman, malaki ang pinagkaiba ng matapang sa "tapang-tapangan" (o isog-isogan, ora-oragunan) o di kaya'y malakas sa "lakas-lakasan." Napatunayan na ito sa kasaysayang politikal ng maraming bansa lalo na sa Asya at Aprika. Ang mga noo'y mararahas, malulupit, at "matatapang" na lider (halimbawa, sina al-Bashir ng Sudan, Amin ng Uganda, at Marcos ng Pilipinas) ay umeskapo upang takasan ang kasalanan. Kung hindi naman tumakas, nariyan at makikita mong nakaratay o may malubhang karamdaman. Kaya paanong magiging tunay na matapang ang isang taong umaatras sa isang laban? At karamihan sa mga ganito ay yaon pang mga iwinasiwas ang kanilang mga phallus at sistemang phallokrasiya noong sila'y nasa posisyon pa. Kaya't mahalaga ang simbolikal na paglalapat na ito sa malaking kaibahan ng bayag at titi o phallus.

Katulad ng nabanggit ko na, mas panloob sa bayag ang katangian ng tapang, lakas, at kapangyarihan, samantalang panlabas ang sa phallus. Malinaw ang kaibahang ito sa mga inilatag na distinksyong semantika, leksikal, kultural, at historikal na lapit. Marami ang nabubulag sa paniniwalang ang phallus ay sagisag ng pagkalalaki (virility o masculinity) at pagkamatapang (valor). Hindi ganito ang lumabas sa kasalukuyang pag-aaral. Nakita halimbawa kung paanong ang kababaihan ng Katipunan (halimbawa, Agueda Kahabagan = a woman with balls), mga bayani sa epikong Pilipino, mga Austronesyano, sina Kurakog at Kulakog, at iba pa ay hindi tahasang nagpapahiwatig na kawangis ng lakas, tapang, at kapangyarihan ang phallus. Hindi kagaya ng ilang phallocrat na katulad ni Duterte na malinaw na kinasasangkapan ang phallokrasiya upang ipamalas ang huwad na lakas, tapang, at kapangyarihan.

## References


@danflicted. (2018, February 14). *Duterte is so funny. He advocates the ditching of condoms during sex bc "HINDI MASARAP" [Tweet].* Twitter. https://twitter.com/danflicted/status/963768148469022720?s=21&t=4Bc4Sk3JypvjJGjWqcCsXQ

@n4qpu. (2020, September 7). *Before I sleep: Si Duterte pa rin ang pangulo ng Pilipinas na mahal ng sambayanang Pilipino here and abroad* [Tweet]. Twitter. https://twitter.com/n4qpu/status/1302676861755904000?s=21&t=4Bc4Sk3JypvjJGjWqcCsXQ

@Nekn3km0. (2021, May 20). *See? All you can do is post memes. Walan\g substance talaga utak ng dagang imburnal* [Tweet]. Twitter. https://twitter.com/nekn3km0/status/1395212231726436352?s=21&t=4Bc4Sk3JypvjJGjWqcCsXQ

@titanimarklee. (2020, November 17). *Duterte is showing liit titi energy*. *So insecure*. *Such a little little man*. [Tweet]. Twitter. https://twitter.com/titanimarklee/status/1328727046252421121?s=21&t=4Bc4Sk3JypvjJGjWqcCsXQ

Ang Lagalag. (2019, April 9). *Malaki man ang titi niya, wala naman siyang bayag na aminin ang totoo: Duterte Inutil! [Image attached].* Facebook, https://www.facebook.com/AngLagalagPH/photos/malaki-man-ang-titi-niya-wala-naman-siyang-bayag-na-aminin-ang-totoo-duterte-inu/1284794631677677/

ABS-CBN News. (2015, March 3). *And the average Pinoy penis size is…*.. ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/lifestyle/03/02/15/and-average-pinoy-penis-size.

ABS-CBN News. (2017, February 8). Duterte: I don't have cancer. *ABS-CBN News*. https://news.abs-cbn.com/news/02/08/17/duterte-i-dont-have-cancer

Adonis, D. (2011). *The community development concepts of Igorot indigenous peoples in Benguet, Philippines*. [Unpublished dissertation]. Australian Catholic University.

Almario, V. (2001). *UP diksiyonaryong Filipino.* Sentro ng Wikang Filipino.

Bello, W. (2017). The spider spins his web: Rodrigo Duterte's ascent to power. *Philippine Sociological Review, 65*, 19-47. https://www.jstor.org/stable/45014308.

Butler, J. (1993). *Bodies that matter: On the discursive limits of sex.* Routledge.

Butler, J. (1999). *Gender trouble: Feminism and the subversion of identity.* Routledge.

Camagay, M.L. (1998). Kababaihan sa rebolusyon. *Kasarinlan, 14*, 55-76. https://journals.upd.edu.ph/index.php/kasarinlan/article/view/1400.

Cañete, R. (2014). *Masculinity media and their publics in the Philippines.* University of the Philippines Press.

Cherry, K. (2020, April 21). *Freud's perspective on women*. Very Well Mind. https://www.verywellmind.com/how-sigmund-freud-viewed-women-2795859

Chua, M.C. (2014). Ang kaugnayan ng mabuting kalooban sa dalumat ng kalayaan at pagkabansa ng Katipunan. *Saliksik E-Journal, 3*(2)*,* 79-91. https://ejournals.ph/article.php?id=5488.

Churchill, B. (1995). Agueda kahabagan y iniquinto. In R. H. Soriano (Ed.), *Women in the Philippine revolution* (p. 66). Printon Press.

Ciasico, F. (2019, April 9). Diokno responds to Duterte's insult with a witty remark. *Manila Bulletin*, https://mb.com.ph/2019/04/09/diokno-responds-to-dutertes-insult-with-a-witty-remark/

Cixous, H. (1976). The laugh of the Medusa (K. Cohen & P. Cohen, Trans.). *Signs, 1 (4),* 875-893. http://www.jstor.org/stable/3173239?origin=JSTOR-pdf.

Clark, J. (2018, December 5). *Culture & tradition: Phalluses and phallic symbols of the Philippines*. Aswang Project. https://www.aswangproject.com/culture-tradition-phalluses-and-phallic-symbols-of-the-philippines/

Coconuts Manila. (2019, April 8). *Dick move: Duterte brags about penis in public speech*. Yahoo News. https://ph.news.yahoo.com/dick-move-duterte-brags-penis-013244335.html

Cruz-Lucero, R. (2006). Judas and his phallus: The carnivalesque narratives of Holy Week in Catholic Philippines. *History and Anthropology, 17*(1), 39-56. https://doi.org/10.1080/02757200500395568

Daantos, J. (2020). *Representation of women in Philippine President Rodrigo Roa Duterte's 2016–2019 speeches: A corpus-based critical discourse analysis*. (Unpublished master's thesis). University of Saskatchewan.

Dacay, A.E. (2018). Speeches of President Rodrigo Roa Duterte: A critical discourse analysis. *Tin-aw, 2*(1). https://ejournals.ph/article.php?id=13565.

Dalena, K. & Lluch Dalena, S.R. (Directors). (2014). *Ang Kababaihan ng* Malolos [The Women of Malolos] [Film]. The Women of Malolos Foundation, Inc.

Daly, N. (1978). *Gyn/Ecology: The metaethics of radical feminism.* Beacon Press.

David, C. & San Pascual, M.A. (2016). Predicting vote choice for celebrity and political dynasty candidates in Philippine national elections. *Philippine Political Science Journal, 37*(2), 82-93. https://doi.org/10.1080/01154451.2016.1198076

Dullana, R. (2019, April 16). Duterte leads PDP-Laban campaign rally in Cagayan. *Rappler.* https://www.rappler.com/nation/elections/228351-duterte-leads-pdp-laban-campaign-rally-cagayan-april-16-2019/

Doyo, M.C. (2020, November 12). Oragon. *Philippine Daily Inquirer*. https://opinion.inquirer.net/135221/oragon

Espina, M. (2019, March 9). *Duterte campaigns for admin bets in Negros Occidental.* Rappler. https://www.rappler.com/nation/elections/225311-duterte-campaigns-for-administration-bets-negros-occidental-march-8-2019/

Espiña, J. (2019, July 9). Boto ni Kurakog: Sexiest islet in Catanduanes, and in the country? *Jon to the World*. https://jontotheworld.com/boto-ni-kurakog-catanduanes/

Etter, L. (2017, December 7). What happens when the government uses Facebook as a weapon? *Bloomberg.* https://www.bloomberg.com/news/features/2017-12-07/how-rodrigo-duterte-turned-facebook-into-a-weapon-with-a-little-help-from-facebook

Evasco, E., Navarro, A., Ortiz, W., & Rodriguez-Tatel, M.J. (2011). *Saliksik: Gabay sa pananaliksik sa agham panlipunan, panitikan, at sining.* C & E Publishing, Inc.

Ewing, F. (1958). Some Rites of Passage among the Tawsug of the Philippines. *Anthropological Quarterly* 31(2), 33-41.

Fiorillo, C. (2019, April 8). Philippine President Duterte boasts about the size of his penis and claims he is 'highly-equipped' thanks to his father in latest bizarre speech. *Daily Mail*. https://www.dailymail.co.uk/news/article-6899253/Philippine-President-Duterte-boasts-size-penis-claims-highly-equipped.html.

Freud, S. (1975). *Three essays on the theory of sexuality* (J. Strachey, Trans.). Basic Boks, Inc., Publishers (Original work published 1962).

Freud, S. (1990). *Jokes and their relation to the unconscious, The standard edition* (P. Gay, Intro.). W. W. Norton & Company. https://b-ok.asia/book/2516981/a9599f (Original work published 1905).

Friedman, D. (2001). *A mind of its own: A cultural history of the penis.* The Free Press.

Furqatovna, S.Y. (2022). Role and characteristics of philological analysis of literary text in the formation of linguistic and literary competences. *International Journal of Word Art, 4*(5), 43-47. https://doi.org/10.5281/zenodo.5852398

Gatan, M. (1981). *Ibanag Indigenous Religious Beliefs: A Study in Culture and Education.* P. Policarpio Mendez & F.L. Jocano (Eds.). Centro Escolar University Research and Development Center.

Gealogo, F. (1994). Kasalanan sa Ikaanim na utos: Katawan at katauhan sa diskurso ng mga tekstong historikal noong Ika-19 na dantaon. *Diliman Review,* 42(4), 14-22.

Gelilang, W.D., Tenito, P.J., & Varona, B.J. (2021). A discourse analysis on President Duterte's speech acts in relation to the novel corona virus. *Introduction to Anthropological Linguistics.* Polytechnic University of the Philippines. https://www.researchgate.net/publication/354523607.

GMA News. (2019, February 16). *24 Oras: Kit Tatad, binira ni Pangulong Duterte*" [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=Yw7UjO_RfW4

Go, M.G. (2019). Sexism is President's power tool. *Index on Censorship, 48*(4), 33-35. https://doi.org/10.1177/0306422019895720.

Gotthardt, A. (2018, January 21). *Why ancient Greek sculptures have small penises*. Artsy. https://www.artsy.net/article/artsy-editorial-ancient-greek-sculptures-small-penises

Guevarra, A.R. & Arcilla, M. (2020). The source of actual terror: The Philippine macho-fascist Duterte. *Feminist Studies, 46*(2), 489-494. https://muse.jhu.edu/article/829487.

Guillermo, R. (2009). *Pook at paninindigan: Kritika ng pantayong pananaw.* The University of the Philippines Press.

Guillermo, R., Navarro, A., & Rodriguez, M.J. (1998). Pag-iibigan sa Katipunan: Isang Paglingon sa Panitikan ng Himagsikan. In A. Navarro & R.A. Abejo (Eds.), *Wika, panitikan, sining, at himagsikan,* (pp. 93-107). Limbagang Pangkasaysayan para sa University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.

Ichimura, A. & Severino, A. (2020, April 9). This Visayas town once reviled Judas Iscariot by setting his dick on fire. *Esquiremag.* https://www.esquiremag.ph/long-reads/features/judas-iscariot-penis-a00304-a2416-20200409-lfrm

Ileto, R. (1998). *Filipinos and their revolution: Event, discourse, and historiography.* Ateneo de Manila University Press.

Irigaray, L. (1974). *Speculum of the other woman* (G. Gill, Trans.). Cornell University Press.

Irigaray, L. (1985). *This sex which is not one* (C. Porter & C. Burke, Trans.). Cornell University Press.

Javier, R. (2010). Madaling maging tao, mahirap magpakatao! Paninindigan, pagpapakatao, at pakikipagkapwa-tao. *Malay Journal 22*(2), 45-56. https://ejournals.ph/article.php?id=7967.

Jocano, F. L. (1964). The epic of Labaw Donggon. *Philippine Social Sciences and Humanities Review,* 29(1), 45-103.

Jocano, F. L. (1968). *Sulod society: A study of the kinship system and social organization of a mountain people of Central Panay.* The University of the Philippines Press.

Jocano, F. L. (1984). Labaw Donggon: Epikong Sulod. In J. Castro, A. Antonio, P. Melendrez-Cruz, J. Mariano, & R.J. Makasiar-Puno (Eds.), *Antolohiya ng mga panitikang ASEAN: Mga epiko ng Pilipinas* (pp. 115-194). Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN.

Jones. E. (1927). The early development of female sexuality. *The International Journal of Psychoanalysis, 8,* 459–472. https://psycnet.apa.org/record/1928-00962-001.

Keuls, E. (1993). *The reign of the phallus: Sexual politics in ancient Athens.* Berkeley: University of California Press.

Kombeto, B.N., Dzango, R.B., Modeawi, M.N., Ngiala, G.B., Ridwan, M., & Ngbolua, K. (2021). Indices of bad governance by African political leaders: The case study of Central African Republic, Democratic Republic of the Congo and Uganda. *Budapest International Research and Critics Institute (BIRCI-Journal), 4*(1), 1506-1514. https://doi.org/10.33258/birci.v4i1.1779.

Kramer, B. (2014). Media populism: A conceptual clarification and some theses on its effects. *Communication Theory,* 24(1), 42-60. https://doi.org/10.1111/comt.12029.

Kreig, G. (2016, March 4). Donald Trump defends size of his penis. *CNN Politics*. https://edition.cnn.com/2016/03/03/politics/donald-trump-small-hands-marco-rubio/index.html

Kusaka, W. (2017). Bandit grabbed the state: Duterte's moral politics. *Philippine Sociological Review,* 65 (Special Issue), 49-75. https://www.jstor.org/stable/45014309.

Lacan, J. (2006). The signification of the phallus. In B. Fink (Ed.), *Ecrits*, pp. 575-584. W.W. Norton (Original work published 1966).

Lasco, L. (2015). Ang kaisahan at ugnayan ng lumang pamayanan ng Pilipinas at ng Rapa Nui at Polynesyang Pranses. *Saliksik E-Journal,* 4(1), 13-86. https://ejournals.ph/article.php?id=9701.

Levitz, E. (2016, February 29). Marco Rubio suggests that Donald Trump has smaller than average genitals. *Intelligencer*. https://nymag.com/intelligencer/2016/02/rubio-suggests-trump-has-small-genitals.html

Lloyd, M. (2007). The artful accomplishment of humour in a "dick joke" competition. *Journal of Folklore Research,* 44(2-3), 279-302. https://www.jstor.org/stable/40206955.

Macasero, R. (2019, February 15). Duterte comment on Tatad's wife a 'hyperbole,' says Panelo. *Philstar Global.* https://www.philstar.com/headlines/2019/02/15/1893935/duterte-comment-tatads-wife-hyperbole-says-panelo.

Machiavelli, N. (2018). *The Prince, complete and unabridged* (W.K. Marriott, Trans.). Clydesdale (Original work published 1515).

Madarang, C.R. (2021, January 27). 'Misrepresentation': AFP corrects another false tagging of ex-UP lecturer. *Interaksyon.* https://interaksyon.philstar.com/rumor-cop/2021/01/27/184415/misrepresentation-afp-corrects-another-false-tagging-of-ex-up-lecturer/

Malasig, J. (2021, February 23). Legacy of activist mother of Duterte remembered after recent visit to tomb. *Interaksyon.* https://interaksyon.philstar.com/politics-issues/2021/02/23/186070/legacy-of-activist-mother-of-duterte-remembered-after-recent-visit-to-tomb/

Marra, K. & B. Clayton. (1993). Phallocracy and phallic caricature: Re-viewing the iconography of Greek comedy. *Theatre Survey,* 34(1), 5-21. https://doi.org/10.1017/S0040557400009728.

Mayor, A. (2020, June 18). The fierce Amazons were more than just a myth—they were real. *National Geographic*. https://www.nationalgeographic.com/history/history-magazine/article/fierce-amazons-more-than-myth-real

Mbembe, A. (1992). Provisional notes on the postcolony. *Africa: Journal of the International African Institute,* 62(1), 3-37. https://doi.org/10.2307/1160062.

McCargo, D. (2016). Duterte's mediated populism. *Contemporary Southeast Asia,* 38(2), 185-190. https://doi.org/10.1355/cs38-2a.

McMahon, M. (2022, May 21). *What is navel gazing?* Wisegeek. https://www.wise-geek.com/what-is-navel-gazing.htm

Meadow, M.J. (1993). Yogic chakra symbols: Mirrors of the human mind/heart. *Journal of Religion and Health,* 32(1), 67-78. https://www.jstor.org/stable/27510726.

Meñez-Coben, H. (2009). *Verbal arts in Philippine indigenous communities: Poetics, society, and history.* Ateneo de Manila University Press.

Men's Variety Staff. (2018, July 1). 8 reasons ancient statues have small penises! *Men's Variety.* https://mensvariety.com/ancient-statues-small-penises/

Mercado, L. (1975). *Elements of Filipino theology.* Divine World University Publications.

Mogato, Manny. (2022, July 27). Journalism will survive its crisis of credibility. *The Philippine Star*. https://philstarlife.com/news-and-views/175346-journalism-survive-crisis-credibility?page=4.

Montiel, C., Uyheng, J., & de Leon, N. (2021). Presidential profanity in Duterte's Philippines: How swearing discursively constructs a populist regime. *Journal of Language and Social Psychology,* 41(4), 428-449. https://doi.org/10.1177/0261927X211065780.

Morreall, J. (Ed.). (1986). *The philosophy of laughter and humor.* State University of New York Press.

Mullet, D.R. (2018). A general critical discourse analysis framework for educational research. *Journal of Advanced Academics,* 29(2), 116-142. https://doi.org/10.1177/1932202X18758260.

Navarro, A. & Elumbre, A. (2019). Muling pagtanaw sa konsepto ng pagkalalaki: Pagkatao at seksuwalidad sa loob at labas ng Pilipinas. In R. Pe-Pua (Ed.), *Handbuk ng sikolohiyang Pilipino, Bolyum 2: Gamit* (pp.164-185). University of the Philippines Press.

Ndjio, B. (2012). Post-colonial histories of sexuality: The political invention of a libidinal African straight. *Africa,* 82(4), 609-631. https://doi.org/10.1017/S0001972012000526.

Neuman, F. (2016, March 6). The role of the penis in republican politics and in the genital election. *Psychology Today*. https://www.psychologytoday.com/us/blog/fighting-fear/201603/the-role-the-penis-in-republican-politics

News5Everywhere. (2017, February 9). *Pres. Duterte, sinagot ang mga hirit ni dating Sen. Kit Tatad* [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=yfXzYi4FxbI

Noceda, J. de, de San Lucar, P., & Clain, P. (2011). *Vocabulario de la lengua Tagala: Compuesto por varios religiosos doctos y graves, y coordinado*. Reimpreso de Manila, 1681-1747. Microfilm no. 25, Internet Archive. University of Michigan. https://archive.org/details/aqj5903.0001.001.umich.edu/page/467/mode/2up (Original work published 1860).

Nunag, A. (2014). Mga bagong pagtingin kay Andres Bonifacio at sa Katipunan. *Saliksik E-Journal,* 3(2), 92-141. https://ejournals.ph/article.php?id=5489.

Oebanda, K. (Director). (2017). *Bar Boys*. Quantum Films.

Official Gazette. (1987, July 6). Executive Order No. 209, s. 1987. The Family Code of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/1987/07/06/executive-order-no-209-s-1987/

Pateman, C. (1988). *The sexual contract.* Polity Press.

Pertierra, A. C. (2017). Celebrity politics and televisual melodrama in the age of Duterte. In N. Curato (Ed.), *A Duterte reader: Critical essays on Rodrigo Duterte's early presidency*, (pp. 219-229). Ateneo de Manila University Press.

Peter mark sulit. (2019, April 9). *Duterte talks about his penis in public* [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=YW8ZN4E8Cgs

Pinas News. (2019, March 28). *President Duterte: "Tatad, alam ko ang sakit mo!"* [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=f3SJD-RLc5s.

Prieto, M.L. (2021). "Shoot the dead:" Ang retorikang marcosian sa tugon ng rehimeng Duterte sa pandemya. *Kawing Journal,* 5(2), 1-25. https://psllf.org/2021/12/20/shoot-them-dead-ang-retorikang-marcosian-sa-tugon-ng-rehimeng-duterte-sa-pandemya-kawing-5-2/.

Rafael, V. (2020a, September 17). Duterte's phallus, part 1: Junk politics. *Rappler.* https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-duterte-phallus-part-1/

Rafael, V. (2020b, September 17). [Duterte's phallus, part 2: His favorite joke. Rappler. https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-duterte-phallus-part-2/

Rafael, V. (2021). *The sovereign trickster: Death and laughter in the age of Duterte.* Duke University Press.

Ranada, P. (2020, July 23). 'Joke only:" Roque defends Duterte's disinfect with gasolie remark. *Rappler.* https://www.rappler.com/nation/roque-defends-duterte-disinfect-gasoline-remark/.

*Rapa Nui*. Chile Precolombino. http://chileprecolombino.cl/en/pueblos-originarios/rapa-nui/culto-y-funebria/

Regencia, T. (2018a, May 30). *#BabaeAko: Philippines' Duterte 'intimidated by strong women.'* Aljazeera. https://www.aljazeera.com/news/2018/5/30/babaeako-philippines-duterte-intimidated-by-strong-women

Regencia, T. (2018b, February 12). *Duterte: Shoot female rebels in their genitals*. Aljazeera. https://www.aljazeera.com/news/2018/2/12/duterte-shoot-female-rebels-in-their-genitals

Reguindin-Estella, J. (2014). Si Trinidad Tecson at ang kanyang ambag sa himagsikang Pilipino (1896-1898). *Saliksik E-Journal,* 3(2), 259-274. https://ejournals.ph/article.php?id=5494.

Reyes, R. (2017, July 18). How the Tagalog word 'libog' came to sound so rude. *The Manila Times*. https://www.manilatimes.net/2017/07/18/opinion/analysis/tagalog-word-libog-came-sound-rude/338988

Rizzolo, G. (2014). Phallus. In M. Kimmel, C. Milrod, & A. Kennedy (Eds.), *Cultural encyclopedia of the penis* (pp. 157-159). Rowman & Littlefield.

Rodriguez, E. (Director). (1991). *Boyong Mañalac: Hoodlum Terminator*. Viva Films.

Rubic-Remorosa, R. (2018). President Rodrigo Roa Duterte's political speeches: A critical discourse analysis. *IOSR Journal of Humanities and Social Science,* 23(8), 72-87. https://doi.org/10.9790/0837-2308027287.

Salayo, J.D. (2020). Social distancing, community quarantine and bullets: A critical discourse analysis of Pres. Rodrigo Duterte's speeches on the war against COVID-19 pandemic. *Middle Eastern Journal of Research in Education and Social Sciences,* 1(2), 233-256. https://doi.org/10.47631/mejress.v1i2.13.

Salazar, Z. (1977). Ang kamalayan at kaluluwa: Isang paglilinaw sa ilang konsepto sa kinagisnang sikolohiya. In R. Pe-Pua (ed.), *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, metodo, at gamit* (pp. 83-92). Surian ng Sikolohiyang Pilipino.

Salazar, Z. (1996). Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas. In *Women's role in Philippine history: Selected essays* (pp. 52-72). U.P. University Center for Women's Studies & University of the Philippines Press.

Salazar, Z. (2004). *Pangulong ERAP: Biograpiyang sosyo-pulitikal ni Joseph Ejercito Estrada.* Palimbagan ng Lahi.

Salazar, Z. (2006). *Ang Pilipinong "banua"/ "banwa" sa mundong Melano-Polynesiano.* Palimbagan ng Lahi.

Salazar, Z. (2008). Sikolohiya ng sarap, ligaya, at ginhawa. [Conference Paper]. *33rd Conference of the Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino*.

Santiago, P. (Director). (1986). *Iyo ang Tondo, Kanya ang Cavite* [Film]. BSH Films.

Santos, J.C. (2021). Pulso ng bayan: Reaksiyon ng mga Filipino tungkol sa mga piling pahayag ni Duterte kontra kababaihan at ang dulot nito sa pagpapaunlad ng pamayanan. *Dalumat E-Journal*, 7(1), 40-64. https://ejournals.ph/article.php?id=16050.

Scott, W.H. (1994). *Barangay: Sixteenth-century Philippine culture and society.* Ateneo de Manila University Press.

See, S.E. (2008). Filipinos are punny. In P. Patajo-Legasto (Ed.), *Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis?* (pp. 683-713). The University of the Philippines Press.

Silver, C. (2019, June 25). *5 Amazon Queens who rocked the ancient world: These fierce femmes ruled the Mediterranean and beyond*. Thought.Co. https://www.thoughtco.com/amazon-queens-who-rocked-ancient-world-4012619

Sinpeng, A., Gueorguiev, D., & Arugay, A. (2020). Strong fans, weak campaigns: Social media and Duterte in the 2016 Philippine election. *Journal of East Asian Studies,* 20(3), 353-374. https://doi.org/10.1017/jea.2020.11.

Siy, B., trans. (2018). *Pukiusap.* Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

Smith, P. (1910). Easter Island (Rapa-Nui) and Rapa (Rapa-Iti) Island. *The Journal of the Polynesian Society,* 1(476), 171-175. https://www.jstor.org/stable/20700914.

Sta. Romana-Cruz, N. (1998). Women in the Revolution. In M. Guerrero at J. Schumacher (Eds.), *Kasaysayan: The story of the Filipino people; Volume 5: Reform and revolution* (pp. 168-169). Asia Publishing Company Limited.

Tamano, R., Guimba, W., & Disangcopan, M. (2021). Dissecting the COVID19 speeches of President Rodrigo Duterte through the lens of critical discourse analysis. *International Journal of Linguistics, Literature and* Translation 4(4), 233-242. https://doi.org/10.32996/ijllt.2021.4.4.26.

Tan, S. (2002). *The Filipino-American war, 1899-1913.* University of the Philippines Press.

Tan, B. (Director) & Baldisimo, K. (Illustrator). (2021). Trese. Netflix.

Tatad, F. (2017, January 9). Did DU30 visit Guangzhou's Fuda cancer hospital? *The Manila Times*. https://www.manilatimes.net/2017/01/09/editorspicks/topanalysis/du30-visit-guangzhous-fuda-cancer-hospital/305908

The UNESCO Courier. (2019). *2019: The international year of indigenous languages.* United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000366654.

Thomas, D. (2002). *Nation-building, propaganda, and literature in Francophone Africa*. Indiana University Press.

Thomas, P. (2006). The water that blesses, the river that flows: Place and the ritual imagination among the Temanambondro of Southeast Madagascar. In J. Fox (ed.), *The poetic power of place: Comparative perspectives on Austronesian ideas of locality* (pp. 23-41). The Australian National University.

Tolentino. N. J. (2011). Should see everything. *The Urban Historian*. https://theurbanhistorian.tumblr.com/post/2840932936/should-see-everything-master-sculptor-guillermo

Truong, P. (2017, February 22). Why Trevor Noah's vagina joke deserves your attention. *Cosmopolitan*, https://www.cosmopolitan.com/entertainment/tv/a8964070/trevor-noah-pussy-joke-vagina-netflix/

Tuazon, T. & Medina, B. (1974). *Philippine literature: From ancient times to the present*. Teofilo del Castillo.

Tugano, A.C. (2021a). Formalistikong paglalandas sa *Ginto't Pilak* (2021) nina Hidilyn Diaz at Eugene Evasco tungo sa pagpapahalaga sa kinestetika at palakasan ng kababaihang Pilipino. *Mabini Review,* 10(1), 85-101. https://apps.pup.edu.ph/ojs/app/ad/MABREV/229/62.

Tugano, A.C. (2021b). Isang semantikong pag-aaral sa ligaya at libog sa kalinangang Pilipino. Unpublished manuscript. University of the Philippines Los Baños.

Tugano, A.C. & Sajor-Tugano, J.F.I. (2022). Hanapin ang hiwaga: Labintatlong alegorikal na interpretasyon sa Netflix animated series na Trese. *Kawing Journal,* 6(1), 53-88. https://psllf.org/kawing-6-1/.

Tyler, M. (2014). Phallocracy. In M. Kimmel, C. Milrod, & A. Kennedy (Eds.), *Cultural encyclopedia of the penis* (pp. 152-153). Rowman & Littlefield.

Villan, V. (2009). *Pintados: Mga hukbong Bisaya sa armadong hukbong ekspedisyonaryong Espanyol sa kapuluang Pilipinas, 1565-1898*. [Unpublished dissertation]. University of the Philippines Diliman.

Villan, V. (2013a). Ilub, unong, at amok: Pag-unawa sa katatagan ng buut ng mga bayani sa himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898. *Diwa E-Journal,* 1(1), 58-92. https://www.pssp.org.ph/diwa/wp-content/uploads/2014/09/06-Artikulo-Villan.pdf.

Villan, V. (2013b). Lawas, buut, patugsiling. 'Ag Dungan: Isang pag-unawa sa papel ng kinagisnang sikolohiya sa kasaysayang kolonyal at himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898. *Daluyan: Journal sa Wikang Filipino,* 19(2), 73-110. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/3822.

Villan, V. (2021). Buhay, ginhawa, at dangal: Kontekstong pangkamalayan sa pangangayaw at ang pagsasakasaysayang Pilipino hanggang sa unang hati ng Ika-19 siglo. In V. Villan & K. Esquejo (Eds.), *Pangangayaw: Ang pangingibang-bayan at paghahanap ng ginhawa sa kasaysayan at kalinangang Pilipino* (pp. 27-52). ADHIKA ng Pilipinas, Inc. at National Commission for Culture and the Arts.

Whipple, K. (2021, July 1). *Malagasy culture and the burial of a new-born's umbilical cord*. The American. http://theamerican.mg/index.php/destination-madagascar/item/255-malagasy-culture-and-the-burial-of-a-new-born-s-umbilical-cord

## Endnotes

[1] Ayon sa antropologo-historyador na si Zeus Salazar (personal communication, 2022), walang pagbanggit sa mga wikang F/Pilipino hinggil sa titi o tarugo bilang simbolo ng inner strength (na katulad ng bayag). Madalas pa ngang kinasasangkapan ito bilang swear word o mura (i.e. Ilokanong *boto mo* = titi mo; Pangasinense na *paltak mo* = titi mo), na mayroong pagkakatulad sa mga murang idinikit sa identidad ng kababaihan katulad ng "puking ina mo," sa wikang Kastila na hija de puta, sa wikang etniko ng Bikolanong *Buli/Buray ni Ina mo*; Ilokanong *Uki ni Inam*; Pangasinenseng *Bao ni Inam* na kapwa tumutukoy sa puki ng babae; at higit sa lahat, ang "putang ina mo" na siyang maririnig madalas kay Pangulong Duterte (see Montiel et al., 2021, hinggil sa kanilang pagpapaliwanag sa mga offensive speeches ni Duterte).

[2] Isinalin ito ni Siy mula sa orihinal na *Fruit of Knowledge: The Vulva vs. the Patriarchy* (2014) ni Liv Stromquist.

[3] Ang Yiddish ay isang wika ng mga Ashkenazim sa Sentral at Silangang bahagi ng Europa na kadalasang sinasalita ng mga Europeong Hudyo.

[4] Naganap ito sa isang senatorial campaign rally ng PDP-Laban sa Marikina City noong Marso 20, 2019.

[5] Matatandaang si Senador Jose Diokno ang unang nagdalumat sa konsepto ng katarungan (Javier, 2010, p. 48).

[6] Bagaman isang ama, tingnan bilang halimbawa si Aso Mangga at Labaw Donggon, at siyempre ang KKK sa kanilang Inang Bayan.

[7] Lumabas din bilang *libog* ang Ivatan at Pangasinense; *libi* sa Kapampangan; *hawa-napsu/sahawat* sa Tausug; at *tela/rakag* sa Meranaw. Pinasasalamatan dito sina Dr. Roderick Javar (U.P. Los Baños); Dr. Jely Galang (U.P. Diliman); Prof. Roselyn Villaruz (Pangasinan State University-Lingayen); sa tulong ni Dr. Eugene Evasco (U.P. Diliman) para kina Arnold Valledor (DepEd Catanduanes), Hareol Tero (DepEd Ormoc City), at Mariel Balacuit (DepEd Agusan del Norte); Manuel Franco (H. Bautista Elementary School); Dr. Vicente Villan (U.P. Diliman); Dr. Kristoffer Esquejo (U.P. Diliman); at Dr. Labi Hadji Sarip Riwarung (Mindanao State University).

[8] Sa abot ng aking natatandaan, mula ito sa kuwento ng aking ina at ilang mga tiyahin noong panahon ng kamusmusan. Anila, ikinukuwento rin ito sa kanila ng mga nakakatandang pinsan.

[9] See also her work "Ang Pitoy ni Hudas — Boso sa Isang Ritwal Bilang Diskurso" (2003).

[10] Upang matakasan ang *tambaluslos*, kinakailangang baliktarin ang damit. Natatawa ang tambaluslos sa baliktad na pananamit kaya't sa pagtawa nito, natatakpan ng kaniyang malaking labi ang mata nito – panahon para sa mga biktima na makatakas sa tambaluslos (Clark, 2018).

[11] Ang kasalukuyang Punong Ministro ng India ay nasasangkot sa isyung pineke diumano ang kaniyang academic credentials.

## Grant Support Details

**Author Contributions:** All research activities and writing were done by ACJ Tugano. The author has read and agreed to the published version of the manuscript

**Funding:** The author received no specific funding for this work

**Acknowledgements:** Nagpapasalamat ang may-akda kay Dr. Zeus A. Salazar, "Ama ng Pantayong Pananaw," na siyang nagbigay sa kaniya ng kislap-diwa ukol sa pagbubuo ng paksang ito.

**Conflict of Interest:** The author declares no conflict of interest.

## About the Author

**AXLE CHRISTIEN J. TUGANO** ay kasalukuyang Instruktor ng Kasaysayan sa Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños, Laguna. Kasalukuyang nagtatapos ng MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Ang kaniyang mga publikasyon at interes sa pananaliksik ay nakatuon sa Identity Studies, Filipino Diaspora, Ugnayan ng Pilipinas at Ibayong Dagat, at Lokal na Kasaysayan. (Corresponding author: ajtugano1@up.edu.ph)